

حدائق المعروف - تجالوج

Mga Hardin ng Nakabubuti



شعبة توعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٠٦ ٤٢٣٤٤٦٦ فاكس: ٠٦ ٤٢٣٤٤٧٧ ص.ب. ٨٢

149

حدائق المعروف

تأليف د. فيصل بن سعود الحليبي
ترجمه إلى اللغة الفلبينية

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الأولى: ١٤٢٨/٧ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

الحليبي، فيصل بن سعود
حدائق المعروف/ فيصل بن سعود الحليبي، الزلفي، ١٤٢٨ هـ

٨٢ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

(الكتاب باللغة الفلبينية)

ردمك: ١ - ٦ - ٩٧٨٧ - ٩٩٦٠

١ - الفضائل الإسلامية ٢ - الآداب الإسلامية أ. العنوان

١٤٢٨/٩٧٤

ديوي ٢١٢،٢

رقم الإيداع: ١٤٢٨/٩٧٤

ردمك: ١ - ٦ - ٩٧٨٧ - ٩٩٦٠

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

Mga Nilalaman

Paghahandog.....	5
Ang Unang Hardin.....	11
Ang Ikalawang Hardin.....	18
Ang Ikatlong Hardin.....	26
Ang Ikaapat na Hardin.....	42
Ang Ikalimang Hardin.....	50
Ang Ikaanim na Hardin.....	57
Ang Ikapitong Hardin.....	60
Ang Ikawalong Hardin.....	62
Ang Ikasiyam na Hardin.....	64
Ang Ikasampung Hardin.....	70
Ang Ikalabing-isang Hardin.....	72
Ang Ikalabing-isang Hardin.....	74
Ang Ikalabingtatlong Hardin.....	74
Ang Ikalabing-apat na Hardin.....	75
Limang Tagubilin sa Daan mo Patungo sa Hardin ng Nakabubuti	77
Pagwawakas.....	81

Paghahandog

Dakilang kapatid ko at guro ko, ang minamahal na Dr. Khálid, pangalagaan nawa siya ni Allah at dulutan siya ng pakinabang sa pamamagitan nito.

Nalito ako kung papaano kong ihahandog sa iyo ang *Mga Hardin ng Nakabubuti*¹ gayong ikaw ay kabilang sa mga malikhaing nagtanim sa mga ito. Ilan na ba ang isinabog mo sa mga ito na napakagandang mga binhi? Inalagaan mo ang mga iyon ng totoong pag-aalaga. Pagkatapos ay pinitas mo mula sa mga ito ang pinakahinog sa mga bunga at ang pinakakaaya-aya sa mga ito. Naglakbay ka at ginulugad mo ang mundo, na pinalalaganap sa mga halamanan nito ang mga bulaklak ng mga iyon at ang pinakamasarap na mga napitas sa mga iyon ayon sa kaaya-ayang diwa na tigib ng pag-ibig, pag-asa at optimismo. Kaya mali-gayang bati sa iyo, o kabalyero ng nakabubuti at kaligayahan sa gitna ng mag-anak mo, mga supling mo, bayan mo, at Kalipunan² mo sa Mundo at Kabilang-buhay.

Ang kapatid mo at ang mag-aaral mo,

Faysal

¹ Ang *Hardin* sa pamagat na *Mga Hardin ng Nakabubuti* ay isang metapora na maaaring mangahulugan ng *Larangan*.

² Ang Kalipunan ay salin ng salitang Arabe na *ummah* na nangangahulugan ng: Isang pangkat ng mga tao na ipinagbubuklod ng isang kalagayan na gaya ng relihiyon o pook o panahon. (Al-Mu‘jam al-Wasít, p. 27.) Ang tinutukoy ng Kalipunan sa aklat na ito ay ang Komunidad ng mga Muslim. Ang Tagapagsalin.

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa ngalan ni Allah,³ ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

Panimula⁴

Panginoon, sa pamamagitan ng aling mga papuri iparating ko ang papuri sa iyo Panginoon? Sa pamamagitan ng aling mga kainaman babanggitin ko ang kainaman Mo Panginoon? Sa pamamagitan ng aling mga pangalan hihilingin ko ang kagalantehan Mo Panginoon? Sa pamamagitan ng aling mga katangian hihingin ko ang mga biyaya Mo Panginoon? Ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ang may karapatan doon. Ukol sa Iyo ang pasasalamat; Ikaw ay karapat-dapat doon. Taglay mo ang kabutihang-loob at sa Iyo nagbabalik ang kabutihang-loob. Ikaw ang Kapayapaan at mula sa Iyo ang kapayapaan. Mapagpala Ka, o nagtataglay ng kamahalan at karangalan.

O lumalang ng mga nilikhang kahanga-hanga at nagtitiyak sa tustos ng lahat, kalat ang kasaganaan Mo

³ Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

⁴ Ang nagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa nilalaman ng aklat na ito.

O tagabuhos ng masaganang kabutihan, tagapagbaba
ng tabing ng ganda, laganap ang gandang-loob Mo
O nakaaalam sa tagong lihim at tumutupad
na tapat sa pangako, pasya ng hatol Mo ay makatarungan
dakila ang mga katangian Mo, o Dakila,
binibilang ang pagbubunyi sa iyo doon ng nagsasabi:
pagkakasala, Ikaw sa gandang-loob Mo, ay nagpapatawad.
sa pagsisi ng suwail dahil sa pagtitimpi ay tumatanggap.

Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah lamang,
wala Siyang katambal, at sumasaksi ako na si Muhammad
ay lingkod Niya at Sugo⁵ Niya, ang mapagkakatiwalaang
tapagpatnubay, ang tagapagbalita ng nakatutuwa, ang taga-
pagbabala, at ang sulo na nagliliwanag, ang pinakamainam
na nilikha, ang pinakamasigasig na tagapayo. Siya ang
mahabagin sa Kalipunan niya, ang maawain sa mga mina-
mahal niya. Pagpalain siya ni Allah, ang mag-anak niya
at ang mga Kasamahan niya at batiin siya ng maraming
pagbati.

Marangal na mambabasa: mga naglalakbay, mga dukha,
mga naliligaw na dumanas ng uhaw, pinilipit ng gutom at

⁵ Kapag binanggit ang salitang **sugo** o **isinugo** sa lathalain natin, ang tinutukoy natin ay isang propetang sugo o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propetang sugo o isinugo. Ang sugo sa Islam ay ang pinakamataas na antas na maaaring marating ng isang tao. Ang sugo ay higit na mataas kaysa sa propeta dahil ang bawat sugo ay propeta rin ngunit ang karamihan sa mga propeta ay hindi sugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na 'S' at ang Propeta na may malaking titik na 'P' ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

pinagod ng paglalakad. Mga naglalakbay: maging gaano kahaba ang mga buhay nila, mga dukha: maging gaano karami ang mga yaman nila, at mga naliligaw: napalayo sa liwanag kaya sila ay napagdiliman. Dumanas sila ng pagkauhaw na dulot ng mga pagsuway kaya hindi sila naaalisang ng uhaw, pinilipit sila ng gutom na dulot na mga pagkakasala kaya hindi sila nabubusog, at pinagod sila ng pagkawala kaya hindi sila napapatnubayan.

Subalit may liwanag na maka-Diyos na humawak sa ubod ng mga isip nila, gumising sa pagkalingat nila, nagpatuwa sa kanila ng balita ng pagkapatnubay matapos ang pagkawala.⁶ **Si Allah ang liwanag ng mga langit at lupa. Ang paghahalimbawa sa liwanag Niya ay gaya ng siwang na sa loob nito ay may ilawan. Ang ilawan ay nasa loob ng šalamin. Ang salamin ay para bagang ito ay tala na malaperlas na pinagniningas mula sa pinagpalang punong-kahoy na oliba na hindi silanganin at hindi kanluranin, na halos ang langis nito ay nagtatanglaw kahit pa hindi ito nasaling ng apoy. Liwanag sa ibabaw ng liwanag, pinapatnubayan ni Allah sa liwanag Niya ang sinumang loloobin Niya. Gumagawa si Allah ng mga paghahalimbawa para sa mga tao. Si Allah sa bawat bagay ay Maalam.**⁷

Talaga ngang nakadama ang mga ito ng pagliliparan ng dungis palayo sa mga puso nila. Nadama nila na ang

⁶ Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadīth na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

⁷ Qur'an 24:35.

tagumpay ay malapit. Kaya sumigla ang mga kaluluwa nila. Tumindi ang mga pagtitika nila. Nasulyapan ng mga mata nila mula sa malayo ang kaluntian na magkakatugmang mga kulay. Kiniliti ang mga pandinig nila ng lagaslas ng tubig na naghahagis ng sarili sa mga batis ng mga pananim. Kaya nagdali-dali sila at nag-unahan hanggang sa nang nakalapit na sila roon ay binighani sila ng mga punongkahoy nito, ginitla sila ng mga bunga nito at ginayumia sila ng mga batis nito. Kaya anong mga magandang hardin ito? Anong kahanga-hangang oasis ito? Tunay na ito ay mga hardin ng nakabubuti at oasis ng pananampalataya. Lilim na maluwang, tubig na matamis, mga simoy na kaaya-aya, mga pitasin na abot-kamay. Ang paggawa sa loob nito ay may tuwa. Ang kawagasan sa loob nito ay may liwanag. Ang pagpapakatotoo sa loob nito ay galak. Hindi nalulungkot ang pumasok dito. Hindi manghihinayang ang gumagawa rito. Tunay na ito ay mga hardin na may galak, sa totoo.

Ginawa ang mga ito ni Allah para sa bawat sinumang sa puso ay may pag-ibig sa Kanya. Ginawa ito ni Allah para sa bawat sinumang nagnanais ng maligayang buhay. Ginawa Niya ito para sa bawat sinumang nagnanais ng kaligtasan sa Mundo at Kabilang-buhay.

Kapatid sa pananampalataya, nakita mo ba ang sarili na nanabik na magpalilim sa isang balag mula sa mga balag na lumililim upang langhapin ang halimuyak nito? Pabaunan mo ang sarili mo mula sa nakabubuti rito, at madadalisay ang sarili mo sa mga alalahanin ng sarili. Samahan mo ako sa isang paglilibot na pampananampalataya upang gumugol

ako kasama mo ng panahong pampananampalataya sa ilalim ng lilim ng ilan sa mga malagong hardin na ito! Hindi ito ang lahat sapagkat tunay na iyon ay maraming-marami. Ang lilim ng mga ito ay nakadukwang.

Gayunpaman ako ay may katiyakan na ikaw, kapag nasubukan mo na magpunla sa mga ito at sinubaybayan ang pagpapatubig sa mga ito at ninais para sa iyo ng Panginoon ng mga ito na lumigaya ka sa pamamagitan ng mga ito, hindi mo hihiwalayan ang mga ito hanggang sa matamo mo ang mga bunga ng mga ito at lumigaya ka sa karangyaan ng mga ito sa una sa mga ito at sa huli sa mga ito. Kaya tayo na sa mga harding iyon.

Ang Unang Hardin Ang Hardin ng Pagtatakip sa Kahihiyan ng mga Muslim

Ang pagtatakip, mahal na kapatid, ay dalawang uri: pagtatakip na pisikal at pagtatakip na espirituwal. Tungkol naman sa pagtatakip na espirituwal, ito ay kapag nasumpungan mo ang isang Muslim na nagkamit ng pagkakasala o nakagawa ng kahalayan ay hindi mo siya ibubunyag, bagkus ay sasawayin mo siya sa pagsuway niya. Magpakabayanad ka sa kanya sa pagpapayo na tigib ng kabaitan at pagkahabag. Pagtataktan mo siya kaya naman hindi mo ilalantad ang kasalanan niya at hindi mo huhubaran ang pinagtakpan ni Allah.

Talaga ngang umamin si Má'iz al-Aslamí (RA)⁸ sa pamamagitan ng bibig niya sa harap ng Sugo (SAS)⁹ sa pagkasadlak sa kahalayan ng pangangalunya. Sa kabila nito, tunay na ang Propeta (SAS) ay nagtangka sa kanya na pagtakpan niya ang sarili niya at magsisi kay Allah. Kaya nagsimula ito na magsabi sa kanya: ***Kapahamakan mo, umuwi ka at humingi ka ng tawad at magsisi ka sa Kanya.***¹⁰ Umuwi si

⁸ (RA): *Radīyallāhu 'Anhu* para sa lalaki, *Radīyallāhu 'Anhā* para sa babae, *Radīyallāhu 'Anhum* para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Masiyahan nawa sa kanya (o kanila) si Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o ang taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

⁹ (SAS): *Sallallāhu 'Alayhi wa Sallam*: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

¹⁰ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

Má'iz nang hindi kalayuan. Pagkatapos ay bumalik siya at nagsabi sa Propeta (SAS): “Linisin mo ako,” samantalang ang Propeta (SAS) ay nagsasabi sa kanya ng tulad sa sinabi na nito, hanggang sa naulit ang hiling na ito mula sa kanya nang tatlong ulit.

Kaya noong natiyak ng Propeta (SAS) ang pagkasadlak niya sa kahalayang ito, na siya ay nagnanais na linisin ang sarili niya sa karumihan niyon at nagmimithi na makatagpo si Allah na wala na sa kanya ang kasalanang dulot niyon, ipinag-utos ng Propeta (SAS) sa mga Kasamahan na ipatupad sa kanya ang batas. Pinuntahan nila siya at binato siya at noong dinaluhong na siya ng mga bato tumakbo siya mula sa kinaroroonan niya dahil sa sakit niyon. Ngunit naabutan siya ng mga Kasamahan sa pamamagitan ng bato hanggang sa mamatay siya. Sa isang sanaysay ayon kay Abú Dáwud: Noong nalaman ng Propeta (SAS) ang pagtakbo niya ay nagsabi ito sa kanila: ***Bakit hindi na lamang ninyo siya iniwan; harinawa siya ay magsisi at tatanggapin naman ni Allah ang pagsisisi niya.*** Pagkatapos ay nagsabi ito tungkol sa kanya: ***Tunay na siya ngayon ay nasa mga ilog ng paraiso, na naglulublob doon.***

Kataka-taka ang mga nag-aabang sa anumang kahala-
yang nangyayari o nakasasama na nagaganap, hindi upang
ibalita sa dakong kinaukulan niyon upang bigyang-sala
ito bagkus upang ipuslit ang balita tungkol dito sa gitna ng
mga tao at ikalat ito sa mga *information network* at iba pa.
Ito ay pagkahilig sa paghahatid ng balita, na lumaganap at
nag-umapaw, nang walang mga wastong gawi sa tamang
mga paraan ng pag-uulat, gaya ng pagsisiyasat, pagtitiyak,

at pagtatakip sa kahihyan at kaasalan. Kaya nasaan na sila ayon sa mga batayan ng pagpapayo na isinabatas sa Islam? Nasaan na sila ayon sa sabi ni Allah (24:19): **Tunay na ang mga umiibig na lalaganap ang gawang mahalay sa mga sumasampalataya, ukol sa kanila ay isang masakit na pagdurusa sa mundo at Kabilang-buhay. Si Allah ay nakaaalam samantalang kayo ay hindi nakaaalam.**

Mangamba ang mga ito sa pagkabunyag ng kahihyan ng mga sarili nila kapag hindi nila tinigilan ang pagsubaybay sa mga kahihyan ng mga tao sapagkat tunay na si Abú Barazah al-Aslamí ay nagsabi: “Nanawagan ang Sugo ni Allah (SAS) hanggang sa naiparinig niya sa mga nagdadalaga. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***O lipon ng sumampalataya sa pamamagitan ng salita ngunit hindi naman pumasok ang pananampalataya sa puso, huwag ninyong libakin ang mga Muslim at huwag ninyong subaybayan ang mga kahihyan nila sapagkat tunay na ang sinumang sumubaybay sa kahihyan ng kapatid niya ay susubaybayan ni Allah ang kahihyan niya hanggang sa mabun-yag ang kahihyan niya sa bahay niya.***”¹¹

Tungkol naman sa pisikal na pagtatakip, ito ay ang pagmamagandang-loob mo sa isang hubad sa mga kasuutan at pagpapadamit dito upang hindi makita ng mga mata ng mga tao. Sumpa man kay Allah, tunay na ito ay talagang bahagi ng patnubay ng mahal na Propeta (SAS). Kinalap ko ang kuwento tungkol kay Má‘iz al-Aslamí tungkol sa dalawang pangyayari ng patatakip na ito. Nasaad sa sanay-

¹¹. Isinalaysay ito ni Imám Aḥmad.

say ni Abú Dáwud na ang Propeta (SAS) ay nag-udyok sa isang lalaki na tinatawag na Hazzál na takpan si Má'iz kaya nagsabi siya rito: ***Kung sakaling tinakpan mo siya ng kasuutan mo, talagang ito ay mabuti sana para sa iyo.***¹²

Kaya pagnilay-nilayan mo, ikaw na pinangalagaan ni Allah, kung papaanong nagmamasigasig ang Propeta (SAS) na takpan ang mga Muslim sa mga kahihyan nila, pisikal man o espirituwal, mga buhay o mga patay. Pakinggan ng naakay ang pag-uusap na namagitan sa dalawang lalaki na kabilang sa mga ninuno ng Kalipunang Muslim, na nagpa-paalalahan ng patnubay ng Propeta (SAS) tungkol sa pag-tatakip sa mga Muslim. Heto si 'Abdulláh al-Hawzaní na nagsasabi:

“Nakatagpo ko si Bilál, ang mu'adhdhin ng Sugo ni Allah, sa Aleppo kaya nagsabi ako: ‘O Bilál, magsalaysay ka sa akin kung papaano noon ang gugulin ng Sugo ni Allah (SAS).’ Nagsabi siya: ‘Wala siyang anuman noon. Ako ang nangangasiwa niyon para sa kanya magmula ng isinugo siya ni Allah hanggang sa kinuha siya.’

“Kapag pinuntahan siya noon ng tao na isang Muslim, at nakita niya ito na hubad, ay inuutusan niya ako [na pada-mitan iyon]. Kaya lilisan ako at mangungutang at bibili ako para roon ng balabal at padadamitan ko iyon at pakakainin ko iyon. Pagkaraka ay hinarang ako ng isang lalaking kabilang sa mga Mushrik at nagsabi: ‘O Bilál, tunay na mayroon akong yaman kaya huwag ka nang mangutang sa isa man maliban sa akin. Kaya ginawa ko naman.’

¹² Isinalaysay ito ni Abú Dáwud.

“Ngunit noong minsang isang araw na nagsagawa ako ng wudú’, pagkatapos ay tumindig ako upang manawagan sa saláh, walang anu-ano ang Mushrik ay parating na, na kasama ng isang pulutong ng mga mangangalakal. Kaya noong nakita niya ako ay nagsabi siya: ‘Hoy Habashi.’¹³ Nagsabi naman ako: ‘O heto tumutugon,’ ngunit sinimangutan niya ako at nagsabi sa akin ng magaspang na salita.

“Sinabi niya sa akin: ‘Nalalaman mo ba kung may ilang [araw sa] pagitan mo at [ng katapusan] ng buwan.’ Sinabi ko na malapit na. Nagsabi siya: ‘Sa pagitan mo at [katapusan] niyon ay apat [na araw na] lamang kaya kukunin ko sa iyo ang bayad mo at panunumbalikin kita sa pagpapastol ng mga tupa gaya mo noong una.’

“Nagsimula nang sumagi sa isip ko ang nagsisimulang sumagi sa mga isip ng mga tao. Pagkaraka, noong nakapag-dasal ako ng [dasal sa] gabi, umuwi ang Sugo ni Allah sa mag-anak niya. Humingi ako ng pahintulot sa kanya at nagpahintulot naman siya sa akin kaya nagsabi ako: ‘O Sugo ni Allah, ikaw [ay tubusin] sa pamamagitan ng ama ko at ina ko; tunay na ang Mushrik na inuutangan ko dati ay nagsabi sa akin ng gayon at gayon. Wala kang ibabayad para sa akin at wala rin ako at siya naman ay magpapahiya sa akin. Kaya magpahintulot ka sa akin na pumuslit sa ilan sa mga liping ito na yumakap sa Islam hanggang sa tustusan ni Allah ang Sugo Niya ng ipambabayad para sa akin.’

“Kaya lumabas ako, at noong dumating ako sa tirahan ko ay inilagay ko ang tabak ko, ang sisidlan ko, ang sandal

¹³ Taga-Habashah. Si Bilál ay mula sa Habashah o Abisinia, ang matandang pangalang ng Ethiopia at Eritrea sa ngayon.

ko at ang kalasag ko sa tabi ng ulo ko. Noong sumapit ang unang bahagi ng madaling-araw ay ninais ko na lumisan, ngunit walang anu-ano ay may isang tao na tumatakbo habang nanawagan: ‘O Bilál, tugunin mo ang [ang tawag ng] Sugo ni Allah.’

“Kaya lumisan ako hanggang sa narating ko siya at [nasumpungan na] may apat na sasakyang kamelyo na nakaluhod na may lulang mga dala-dalahan. Humingi ako ng pahintulot at nagsabi sa akin ang Sugo ni Allah (SAS): ***Magalak ka; ipinarating sa iyo ni Allah ang pambayad mo.*** Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Hindi mo ba nakita ang apat na nakaluhod na sasakyang kamelyo?*** Nagsabi ako: ‘Opo.’ Kaya nagsabi siya: ***Tunay na para sa iyo ang mga ito at ang mga nakalulan sa mga ito; tunay na naglululan ang mga ito ng mga damit at pagkain na iniregalo sa akin ng puno ng Fadak, kaya kunin ang mga ito ay bayaran mo ang utang mo...***

“[Nasasaad sa nalalabing bahagi ng Hadíth na noong nabayaran ni Bilál ang utang ng Sugo ni Allah (SAS) ay ibinalita niya sa Sugo iyon.] Kaya dinakila niya at pinuri si Allah, dala ng pangamba na aabutan siya noon ng kamatayan habang taglay niya iyon.”¹⁴

Ang pagtatakip ay isang magandang kaasalan na ipinagkakaloob ng mga dakilang kaluluwa, na nagpakalinis ang mga kaluluwa nila na mapuno ang mga pagtitipon nila ng pagsasalita tungkol sa mga dangal ng tao. Inaangat ang mga panulat nila upang hindi sumulat ng mga mali ng iba.

¹⁴ Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud at pinatunayang tumpak ni al-Albání.

Dinadalisa'y nila ang mga pandinig nila upang hindi makinig sa mga kahihiyan ng iba. Kahanga-hanga ang magandang pagtatakip sapagkat tunay na ito ay may pagkilala sa kagandahang-loob ni Allah na nagtatakip sa atin sa pamamagitan ng napakagandang mga kasuutan matapos na ipinanganak tayo na mga hubad: **O mga anak ni Adan, nagbaba Kami sa inyo ng kasuutan na ibabalot sa kahubaran ninyo at bilang gayak, ngunit ang pagsuot ng panginilag sa pagkakasala, iyan ay higit na mabuti. Iyan ay kabilang sa mga tanda ni Allah, nang harinawa sila ay mag-alaala.**¹⁵

Isang pagpaparangal sa atin, kaya hindi Niya tayo ipahihiya sa pamamagitan ng mga pagkakasala natin at pagkukulang natin gayong nakita Niya tayo habang tayo ay gumagawa ng mga iyon. Mayroon kayang higit na dakilang pagtatakip kaysa sa pagtataktan ka ni Allah sa araw na malalantad ang mga kahihiyan at lilitaw ang mga pagkakasala?

Sinabi nga ng Propeta (SAS): *Tunay na si Allah ay magpapalapit sa mananampalataya at ilalagay Niya sa ibabaw nito ang kalinga Niya at tataktan ito. Pagkatapos ay sasabihin Niya: Nalalaman mo ba ang pagkakasalang gayon? Nalalaman mo ang pagkakasalang gayon? Kaya magsasabi ito: "Opo, siya nga, Panginoon ko," hanggang sa umamin ito sa mga pagkakasala nito at akalain nito sa sarili nito na ito ay nasawi. Magsasabi Siya: Tinakpan Ko ang mga iyon alang-alang sa iyo sa mundo at Ako ay nagpapatawad ng mga iyon para sa iyo ngayong*

¹⁵ Qur'an 7:26.

araw. Kaya ibibigay sa kanya ang aklat ng mga magandang gawa nito. Tungkol naman sa tumatangging sumampalataya at mga nagpapanggap na sumampalataya ay magsasabi ang mga saksi: Ang mga ito ang nagsinungaling sa Panginoon nila; pakatandaan, ang sumpa ni Allah ay ukol sa mga lumalabag sa katarungan.¹⁶

Kaya diligin mo, minamahal, ang hardin ng pagtatakip sa mga Muslim sa pamamagitan ng tubig ng kawagasan upang anihin mo ang mabuting bunga nito sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: ***Ang sinumang magtatakip sa isang Muslim ay pagtataktan siya ni Allah sa mundo at sa Kabilang-buhay.***

O Allah, pagtatkan Mo kami ng magandang pagtatakip Mo at marangal na pagpapaumanhin Mo, o Maawain, o Matimpiin.

Ang Ikalawang Hardin Ang Hardin ng Pagtugon sa mga Pangangailangan ng mga Muslim

Hayaan mo ako, marangal na kapatid, na maghanda para sa iyo ng pag-uusap tungkol sa hardin na ito sa pamamagitan ng pangyayaring ito na isinalaysay sa akin ng isa sa mga shaykh na mabubuting-loob.¹⁷

¹⁶ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

¹⁷ Siya ay ang mahal na kaibigan ko na si Shaykh Ibráhím ibnu Sálíh, isang dá'iyah at *lecturer* sa Departamento ng Shari'ah sa Kolehiyo ng Shari'ah sa al-Ahsá'.

Mag-isang pinatakbo ng isang binata na mga labing-walong taong gulang ang kotse niya mula sa al-Ahsá' pátungo sa Lungsod ng Dammám. Dati na siyang may talamak na hika. Hindi naglaon pagdating niya sa mga kamag-anak niya roon ay nakadama siya ng agahas¹⁸ sa dibdib niya. Ito ang mga tanda na nalalaman ng mga may hika na siyang simula ng isang mapanganib na krisis na nangangailangan ng mabilis at matalinong aksiyon, ng pagsaklolo sa isang sinumpong at maselang pangangalaga sa kalusugan nito. Dahil natatalos ng binatang ito na siya ay maaaring mawalan ng malay o matumba sa anumang sandali, natatakot siya para sa sarili niya na sumpungin siya sa harap ng pinuntahan niya para dalawin.

Dinapuan siya ng bagabag at pagkabalisa sa sarili kaya nagpasya siya na bumalik sa al-Ahsá' pagkarating na pagkarating niya. Naramdaman ng nakapaligid sa kanya ang paninikip sa dibdib niya at ang panghihina ng paghinga niya kaya nagpasya sila na hindi siya pauwiin sa ganitong kalagayan. Nagpumilit sila sa kanya sa iba't ibang paraan. Ngunit tinanggihan niya ang lahat ng iyon at sumakay sa kotse pauwi sa bayan niya.

Dumadaan ang mga minuto sa kanya nang mabagal at mabigat; bawat minuto mula rito ay pumipigil sa isang bahagi ng paghinga niya. Lumilingon siya sa paligid niya ngunit wala siyang nakikitang simpatikong ama na maaawa sa kanya sa pamamagitan ng pagsagip, ni isang ina na mag-

¹⁸ Pasipol na huni sanhi ng mahirap na paghinga; huni ng hikaing paghinga. Tagalog-English Dictionary, Leo James English.

kakanlong sa kanya sa awa, ni isang kapatid na susuporta sa kanya sa pamamagitan ng saklolo.

Sumusulyap siya sa harap niya ngunit wala siyang naki-kita kundi ang kahabaan ng daan na hindi na makakayang tahakin ng lakas niya. Noong nangalahati na siya sa daan, tumindi ang pighati niya at naglaho na ang paninimbang niya. Tumirik ang mga mata niya. Nadama niya ang paglapit ng taning niya. Naramdaman niya na ang lahat ng bagay ay natapos na. Ihininto niya ang kotse niya sa ilalim ng isang kalapit na tulay. Wala na siyang taglay na lakas na makatutulong sa kanya sa pagpapasaklolo sa mga nagda-raan sa daang ito. Nawalan na siya ng pag-asa sa lahat ng bagay kaya bumaling siya kay Allah habang isinusuko ang ipinagkatiwalang kaluluwa.

Solo, nag-iisa sa biyahe, wala siyang anumang nagawang mahusay kundi ang lumabas sa kotse niya nang hindi nama-malayan at humandusay sa ibabaw ng unahan nito. Hari-nawa si Allah ay maawa sa kahinaan niya at tingnan ang pagkawalay niya nang may mata ng pagkahabag. Dito at sa sandaling ito ay naglaho ang ulirat niya at gaya ng isang nawalan ng malay ay hindi niya nalalaman ang nangyayari sa kanya. Ang lahat ng nalalaman niya ay na siya ay halos hiwalayan na ng buhay at mamaalam sa gayak ng buhay.

Gayunpaman ang awa ni Allah ay nagmamasid sa kanya. Paano nga ba yamang Siya ang Maawain, ang Mapagpa-tawad, ang Mapagmahal, ang Matimpiin—napakamalu-walhati Niya!

Kapag lumukob gabi ng mga sakuna at dumilim
mga landas ng pag-alpas at nabigo sa mga ito ang pag-asa

nawalan ka ng pag-asa sa kaligtasan yamang wala itong kaparaanan at walang lumalapit na nag-aabot-kamay, pupuntahan ka mula sa mga kabaitan Niya ng ginhawa na hindi mo inaasahan habang ikaw roon ay nakaliligta.

Napadaan ang isa sa mga naglalakbay upang makita ang nasa kasibulang binatang iyon na nakahandusay sa ibabaw ng kotse niya at tinakasan ng pakiramdam niya. Hindi siya kakikitaan ng bakas ng sakuna o tuwirang kadahilanan sa gayong kalagayan. Hindi na nito binigyan ang sarili ng mga katanungan, bagkus sinabat nito iyon sa pamamagitan ng pagsaklolo sa pobreng ito. Hindi naglaon na nahawakan nito ang kamay nang nakadama ito ng mabagal na pagkilos sa kamay ng binatang iyon. Itinuturo niya ang mga kamay niya sa ilong niya at bibig niya, na ipinaliliwanag dito sa pamamagitan niyon na wala na siyang hiningang bubuhay sa kanya.

Natuwa ang gumagawa ng nakabubuti dahil buhay pa siya at nadama nito na si Allah ay nagpadala rito sa kanya upang iligtas siya sa pamamagitan nito. Mabilis itong kumilos upang dalhin siya sa isang manggamot na bihasa sa mga sakit sa dibdib sa isang malapit na lungsod.

Pagkarating niya roon ay isinagawa nang mabuti ng manggagamot ang tungkuling iniatang sa balikat habang ang gumagawa ng nakabubuti ay nakatayo sa uluhan niya, na nagmamasid sa paputol-putol na paghingang iyon at umaagahas¹⁹ na dibdib. Nakalimutan nito ang biyahe na

¹⁹ Pasipol na huni sanhi ng mahirap na paghinga; huni ng hikaing paghinga. Tagalog-English Dictionary, Leo James English.

lumisan ito alang-alang doon. Iniwan nito sa likod nito ang mundo at hinarap ang pagsagip sa isang kaluluwa na halos humiwalay sa katawan upang isauli iyon kay Allah ayon sa utos Niya. Hindi dahil sa dating pagkakilala at hindi dahil sa kaakibat na makamundong kapakanan, bagkus tanging sa pag-ibig ng tagagawa ng nakabubuti na pinarangalan ni Allah niyon.

Patuloy ito sa gayong kalagayan: nagmamasid sa binata sa pamamagitan ng mga mata nito, pinaliligiran siya nito ng pangangalaga. Umuusal-usal ang dila nito sa pagdalan ngin para sa kanya na magbiyaya nawa si Allah sa kanya ng kagalingan at panumbalikin nawa siya sa buhay. Unti-unti pa hanggang sa narinig na niya ang mga hininga na nagbabalikan. Ang krisis ay gumagaan. Ang mga daliri ay kumikilos. Nagsimula ang liwanag ng mga mata na nagwayway ng isang kislap ng buhay. Ang gumagawa ng nakabubuti ay sumusulyap sa mukha ng manggagamot sa paghahanap ng pag-asa sa mukha niyon, na humihiling ng isang ngiti ng kaligtasan mula sa bibig niyon. Ilang sandali pa, ilang sandali pa at ang awa ng Panginoon mo ay malapit na sa mga nagmamagandang-loob. Nagsimula ang buhay na umusad sa mga kasu-kasuan ng binatang iyon. Nagsimulang magningning ang pagmumukha ng manggagamot sa pagkagalak at nagbabadya ng panibagong buhay.

Nang napag-alaman ng gumagawa ng nakabubuti ang telepono ng tirahan ng pamilya ng pasyente mula sa pasyente mismo, at napagtaguan nito ang pagamutan upang walang isang makakilala rito, ay umalis ito upang lubusin ang nakabubuting gawa nito nang may tagumpay at talino,

upang tawagan ang pamilya ng pasyente at ibalita ang tungkol sa anak nila at ang kinaroonan niya.

Subalit, sino ka, tagapagsalaysay? Sino ka, panagumpayin ka nawa ni Allah? Sino ka, tagagawa ng nakabubuti? Ipatatid mo sa amin ang pangalan mo. Hayaan mong kami ay magsalaysay sa mga tao tungkol sa kagitingan mo. Hayaan mong kami ay maglarawan sa mga tao ng nakabubuting gawa mo. Hayaan mong kami ay gumanti sa iyo sa ilan sa kagandahang-loob mo. At aling kagandahang-loob ang maaaring iganti sa tulad mo yamang ikaw ay naging isang dahilan sa pagsauli sa buhay ng anak namin ayon sa kapa-hintulutan ng Panginoon niya? Wala ba kaming isang bahagi ng pagpaparangal sa iyo at pagmamagandang-loob sa iyo?

Isang gumagawa ng mabuti...dalawang salita lamang ang itinugon ng tagagawa ng nakabubuti, habang umaasa sa gantimpala niyon kay Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. Pakatandaan, pinagpala ka, alagad ng nakabubuti. Pangalagaan ka nawa, ituwid nawa ang hakbangin mo, ingatan ka nawa ni Allah laban sa bawat kasmaan at alagaan ka nawa Niya. Pagpalain ka nawa ni Allah sa kalusugan, buhay mo at mga supling mo. Gawin nawa Niya ang Paraiso na kanlungan namin at kanlungan mo.

Sinabi sa akin ng Shaykh: “Hindi tumitigil ang mga nagsusumamong palad na inaangat kay Allah sa panalangin para sa gumagawa ng nakabubuti na ito sa tuwing dumarating ang isang pagkakataon ng pagkaalaala ng nakabubuting gawa nito.”

Pangangailangang tinugon para sa kapatid niya, at aling pangangailangan? Tunay na iyon ay ang buhay niya na nasa

pagitan ng mga tadyang niya. At aling kaligayahang nag-uumpapaw ang ikaliligaya ng magiting na ito matapos ang pagligtas nito sa kapatid nito? Aling tagumpay ang tatahak sa landas nito sa pamamagitan ng pagsaklolo nito. Tunay na iyon ay ang tagumpay na nagsabi si Allah tungkol doon: **sumamba kayo sa Panginoon ninyo, at gawin ninyo ang mabuti, nang harinawa kayo ay magtagumpay.**²⁰

Kapatid na pinanagumpay, huwag kang mag-atubili na tumugon sa pangangailangan ng kapatid mo, kahit pa man kapalit ng oras mo at pagpupunyagi mo. Magtiwala ka sa Tagapaglikha mo na Siya ay tutugon sa pangangailangan mo. Pagagaanin Niya para sa iyo ang alalahanin mo, aalisin Niya para sa iyo ang hinagpis mo, at pagpapalain ka Niya sa panustos sa iyo sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang [tutugon] sa pangangailangan ng kapatid niya, si Allah ay [tutugon] sa pangangailangan niya.***²¹ Nagsasabi rin siya (SAS): ***Ang mga paggawa ng nakabubuti ay nagsasanggalang sa mga pagwasak ng kasamaan.***²² Sinasabi rin niya (SAS): ***[Ang] tulongan mo ang lalaki sa hayop niya: bubuhatin mo siya sa ibabaw nito o iaangat mo para sa kanya sa ibabaw nito ang isang dala-dalahan ay isang kawanggawa.***²³

Harinawa ikaw ay nakarinig sa kuwento ng bayaning si Sarhento Jumhūr ibnu ‘Abdilláh al-Ghámídí, kaawaan siya ni Allah na nagpaligaya sa kanya sa pamamagitan ng

²⁰ Qur'an 22:77.

²¹ Isinalaysay ni al-Bukhárí.

²² Isinalaysay ito ni at-Tabrání. Ito ay isang Hadíth na hasan.

²³ Muttafaq ‘Alayhi.

pagsagip sa isang ama at dalawang batang anak nito sa pagkalunod sa dalampasigan ng Corniche.

Iyon ay noong nakatanggap siya ng mga panawagan ng pagpapasaklolo samantalang siya ay nasa daan papunta sa masjid upang isagawa ang dasal sa hapon. Hindi siya nagpahuli ng isang saglit sa pagtugon niya sa mga panawagan ng budhi at sa tinig ng gawaing nakabubuti. Sinimulan niyang bagtasin ang daan niya sa pagitan ng mga alon ng dagat sa pagtatangkang sagipin ang tatlong kaluluwang nakatanaw sa pagkalunod.

Nagawa niyang sagipin muna ang ama nila. Inihatid niya ito sa dakong malapit upang isagawa ng kasama nito ang paghahatid dito sa dalampasigang ligtas. Kalakip ng sukdu-lang alalahanin at pagpapakasakit na walang katapat, bumalik kaagad siya sa dalawang bata upang iabot sa kanila ang mga pinanagumpay na kamay niya. Pagkaraka'y dinaklot niya sila dahil sa awa niya. Nahabag siya sa kanila dala ng pagkaama niya. Isinusugal niya ang kaluluwa niya at ang buhay niya sa pagsagip sa kanila kaya naman pinarangalan din siya ni Allah ng pagsagip sa kanila.

Sa sandaling iyon ay hindi siya nasaklolohan ng lakas niya na makarating sa baybay ng kaligtasan yamang naka-ramdam siya ng kapagalan at pagkawala ng kontrol sa sarili sa pagitan ng alimpuyo. Hinatak siya ng mga alon ng dagat sa loob nito. Nasaid ang mga lakas niya nang dahan-dahan hanggang sa naglaho ang tanglaw ng buhay sa gitna ng mga mata niya.

Ang pagkamartir sa landas ni Allah ang medalya na hinihintay niya. Ganyan natin siya ipinagpapalagay. Si

Allah ay sapat na sa kanya. Naglaho ang bayaning ito sa mga paningin. Nalunod siya sa pusod ng dagat, matapos na ukitin niya sa pamamagitan ng kabayanihan ang napakakahanga-hangang mga pagsasalarawan ng paghahandog ng sarili at pagtatangi sa iba.

Totoong tunay na ang mga ito ay mga halimbawa at mga kabayanihang natatangi sa panahon nating ito. Subalit wala akong magagawa kundi sabihing kaawaan ka nawa ni Allah, o Jumhur, ng malawak na awa, patahanin ka nawa Niya sa maluwang na Paraiso Niya, at patuluyin ka nawa Niya sa mga tahanan ng mga martir at mga matuwid. Tunay na Siya ay Mabuti, Mahabagin, Maawain.

Ang Pangangailangan ng kapatid mo ay alalahaning pagagaanin mo para sa kanya, saklolong itutulong mo sa kanya, utang na babayaran mo para sa kanya, salaping ipauutang mo sa kanya, kapintasang ipagtatangol mo para sa dangal niya, pakikisamang ipang-aaliw mo sa kanya, panalanging ikukubli mo sa kanya, bawat tulong sa pagpapakabuti, bawat pag-alalay sa mabuti, at mga gawaing ikapagtatamo ng pag-ibig ni Allah at makakamit mo alang-alang doon ang kasiyahan Niya.

Ang Ikatlong Hardin

Ang Hardin ng Paggugol at ang Kawanggawa sa Landas ni Allah

Minamahal, mga pangako ng Panginoon, mga ibayong pautang, mga galanteng kabayaran, at mga hardin na ang pagkain at ang lilim sa mga ito ay palagian ay ukol sa kani-

numang nagpakamarangal sa pamamagitan ng kawanggawang bukas-palad, na bumubuti sa pamamagitan nito ang sarili niya, lumiligaya sa pamamagitan nito ang kaluluwa niya, at lumilitaw na angkop sa kanya ang mga talata ng marangal na pangako: **Sino yaong magpapautang kay Allah ng isang magandang pautang at pag-iibayuhin Niya ito para sa kanya, at magkakaroon siya ng isang masaganang kabayaran?**²⁴ Sinabi pa ni Allah: **Ang mga gumugugol ng mga yaman nila sa gabi at maghapon nang palihim at hayagan ay ukol sa kanila ang kabayaran nila buhat sa Panginoon nila. Wala nang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot.**²⁵

Ang kawang-gawa ay isang masaganang bukal na tina-tangay ng daloy nito ang mga dumi at ang mga balakid ng buhay. Ang paggugol sa mga nauukol sa gawang nakabubuti ay lunas ng paggaling na kabilang sa malaking mga gamot. Ang pagbibigay nang palihim ay biyaya sa yaman, na ipinangako ng Panginoon ng lupa at langit: **Sabihin mo: “Tunay na ang Panginoon ko ay nagpapaluwag sa panustos para sa sinumang niloloob Niya sa mga lingkod Niya at nagpapagipit para rito. Ang anumang ginugol ninyo mula sa anumang bagay ay Siya ang magtutumbas nito. Siya ay ang pinakamainam sa mga nagtutustos.”**²⁶

Ang kawanggawa mo, marangal na nagmamagandang-loob, ay isang binhi na isinabog ng pinakamarangal na

²⁴ Qur'an 57:11.

²⁵ Qur'an 2:274.

²⁶ Qur'an 34:39.

tumapak sa lupa, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati, *sapagkat talagang ang Sugo ni Allah ay higit na mabilis sa pagbibigay ng mabuti kaysa sa hanging ipinadala nang matindi.*²⁷

Sama-sama tayong lumapit sa isang bulaklak mula sa mga bulaklak ng hardin na ito upang basahan natin ang mga talulot²⁸ niyon ng kuwentong ito.

Sa isang silid na may mga kamang puti ay may nakahiga sa pinakagitnang higaan na isang lalaki na nasa sandali ng ganap na kawalang-malay. Hindi niya namamalayan ang nasa paligid niya na mga instrumento ng pagmamasid ng paghinga at pulso, at mga tubo ng mga *medical solution*.

Sa bawat araw magmula sa mahigit sa isang taon at walang pagkahinto ay dinadalaw ang lalaking iyon ng maybahay niya kasama ng anak nilang dalawa na labing-apat na taong gulang. Pinagmamasdan nila siya nang may pagsinta at pagkahabag. Pinapalitan nila ang mga damit niya. Sinisiyasat nila ang mga kalagayan niya at tinanong nila ang mga mangagamot tungkol sa kanya. Walang bago sa lagay, ang kalagayan ay gaya ng dati. Walang pagsulong at walang pag-urong sa kalusugan niya. Lubos na kawalang-malay at nawalang pag-asa sa paggaling niya maliban sa pagpapagaling mula kay Allah. Gayunpaman ang matiising babaing ito at ang batang nagbibinata ay hindi umiiwan sa kanya hanggang sa iangat nila ang mga palad ng pagsusumamo kay Allah at mananalangin para sa kanya ng paggaling at kagalingan.

²⁷ Isinalaysay ito ni al-Bukhārī.

²⁸ *Petal* sa Ingles.

Ang bibig ng kalagayan nila ay nagsasabi:

Ikaw ang pinananawagan sa bawat sakuna,
at Ikaw ang kanlungan ng kinapos ng mga paraan,
Ikaw ang palasaklolo sa hinadlangan sa mga malalapitan
Ikaw ang gabay sa sinumang iniligaw ng mga landas.

Nililisan nila ang pagamutan upang bumalik muli para dalawin sa mismong araw. Gayon sa bawat araw, nang walang pagkahinto o panghihinawa o pagsasawa. Mga puso na nagkabuklod sa pag-ibig, nagkatugmaan sa katapatan at nagpabukadkad sa sandali ng mga hapis ng napakagandang mga rosas ng pagtitiis, pagsinta at pagkahabag.

Nananatili ang mga pasyente at ang pangkat ng mga *nurse* at mga doktor sa lubos ng pagtataka sa pagdalaw ng babae at bata sa mala-patay na lalaking ito, gayong wala namang bago sa buhay ng pasyente. Ah...kay Allah ang paghanga: Ano ang kahanga-hangang pagpupumilit na ito sa paulit-ulit na pagdalaw dalawang ulit isang araw, gayong ang pasyenteng nakabalot ay walang namamalayang ano man sa paligid niya. Tinapat na ng doktor at mga tagatulong nito ang babae hinggil sa kawalang kabuluhan ng pagdalaw sa kanya, bilang habag na rin sa babae at sa anak nito. Inanyayahan nila ang babae na dumalaw isang beses sa isang linggo. Ang mahabaging babae ay walang itinutugon kundi ang isang pangungusap: Si Allah ang hinihingan ng tulong...si Allah ang hinihingan ng tulong.

Isang araw...bago ang pagdalaw ng maybahay at ng bata sa loob ng maikling panahon, nangyari ang isang pambihirang bagay at isang nakagugulat na pangyayari. Iyon ay ang lalaking may karamdaman, kumikilos sa higaan niya,

pagbaling-baling mula sa isang tagiliran papunta sa isang tagiliran. Ito ay ilang sandali lamang. Walang anu-ano ang lalaki ay nagdidilat ng mga mata niya, naglalayo sa sarili niya ng instrumento sa paghithit ng oxygen, umuunat sa pagkakaupo niya, at tumatawag sa *nurse* sa gitna ng pagkagitla ng mga naroon. Hiniling niya rito na ilayo ang mga *medical support instrument*, ngunit tumanggi ito at tinawag ang doktor na nasa sandali ng ganap na pagkagitla. Nagsasagawa ng mga mabilis na pagsusuri sa kanya, ngunit natagpuan nila ang lalaking nasa sukdulang kalusugan at kagalingan. Hiniling nito na ilayo ang mga instrumento at linisin ang pinaglagyan ng mga ito sa katawan niya.

Ang tipanan ng nakagawiang pagdalaw ng babaeng wagas na iyon ay dumating na ang oras kaya naman pumasok ang babae at ang bata sa kinaroroonan ng minamahal nila. At sa aling paglalarawan nanaisin mo sa akin—oh pangalagaan ka nawa ni Allah—na ilarawan ko ang mga masintahing sandaling iyon? Sa aling mga pananalita nanaisin mong balangkasin ko ang mga iyon para sa iyo? Iyon ay mga tingin na yumayapos sa mga tingin, mga luhang hinahaluhan ng mga luha, mga nalilitong ngiti sa mga bibig. Pinipi ng mga damdamin ang dila maliban sa mga papuri at pagbubunyi kay Allah, ang Mapagbigay, ang Nagbibiyaya, ang Nagmamabuting-loob, ang Tumutugon, na naglubos sa biyaya ng kagalingan ng asawa nito.

Hindi pa natatapos ang kuwento, o alagad ng gawang nakabubuti, sapagkat tunay na sa salaysay ay mayroon pang lihim. Yamang tunay na ang doktor ay hindi na makatagal sa pagtitiis na hindi matuklasan iyon, binalingan niya ang

maybahay ng isang tanong sa kanya, na nagsasabi: “Inaasahan mo ba na matagpuan siya balang araw sa ganitong kalagayan?”

Kaya nagsabi ang babae: “Oo, sumpa man kay Allah. Umaasa ako noon na papasok ako sa kanya balang araw at matatagpuan ko siya na nakaupo sa paghihintay sa amin.”

Nagsabi ang doktor: “Tunay na mayroong isang bagay na nangyari. Walang kinalaman doon ang pagamutan o ang mga doktor. Kaya sumpa man kay Allah sa iyo, ipabatid mo sa akin. Bakit pumupunta ka dalawang ulit araw-araw, at ano ang ginagawa mo?”

Nagsabi ang babae: “Yamang tinanong mo ako alang-alang Allah ay sasabihin ko sa iyo. Dinadalaw ko noon ang asawa ko upang mapanatag sa lagay niya at dumalangin para sa kanya. Pagkatapos ay pumupunta ako at ang anak ko sa mga maralita at mga dukha²⁹ at nagkakaloob kami sa kanila ng mga kawanggawa bilang pagmimithi sa ikalalapit-loob kay Allah alang-alang sa paggaling niya.”

At hindi binigo ni Allah ang pag-asa nito at ang panalangin nito. Kaya naman lumabas ito sa kahuli-hulihang pagdalaw at ang asawa nito kasama nito patungo sa bahay na matagal nang naghintay sa pagbabalik doon ng may-ari niyon upang manumbalik ang ngiti at ang tuwa sa kanya at sa mga kasapi ng mag-anak niya.

Anong hinog ng bungang ito at anong sarap ng lasa nito: **Ang mga gumugul ng mga yaman nila sa gabi at mag-**

²⁹ May kaibahan ang maralita at ang dukha. Ayon sa Tagalog-English DICTIONARY ni Leo James English ang **maralita** ay *extremely poor* o *lubhang mahirap* at ang **dukha** naman ay *poor* o *mahirap*.

hapon nang palihim at hayagan ay ukol sa kanila ang kabayaran nila buhat sa Panginoon nila. Wala nang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot.³⁰

Isinalaysay ang kuwentong ito ng marangal na Ustádh Ahmad Sálím Báduwaylán sa aklat niyang pinamagatang *Lá Tay'as*.³¹ Panagumpayin nawa siya ni Allah at gantihan nawa ni Allah alang-alang sa atin ng napakabuting ganti.

Ang kabutihang-loob ni Allah ay malaki yamang Siya ang nagsasabi (3:92): **Hindi ninyo matatamo ang pagpapakabuting-loob malibang gugugol kayo mula sa naiibigan ninyo.** Kaya hanapin natin ang mga daan nito at ang mga dako nito. Tunay na kabilang sa napakarami sa mga dako nito ay ang paggugol sa mag-anak at mga kaanak nang may layunin ng pagpapakalapit-loob kay Allah .

Heto si Umm Salamah (RA), pumupunta sa Propeta (SAS) at nagsasabi sa kanya: O Sugo ni Allah, magkakaroon ba ako ng gantimpala dahil sa mga anak ni Abú Salamah kapag gugugol ako sa kanila gayong ako ay hindi mag-iiwan sa kanila ng gayon at gayon? Sila ay mga anak ko lamang. Nagsabi siya: ***Oo; mayroon kang kabayaran sa anumang ginugol mo sa kanila.***³²

May lumilipas bang araw na hindi tayo gumugugol sa mga maybahay natin at mga anak natin? Gayunpaman ang bagay na ito ay nangangailangan ng pag-asam at paghingi ng gantimpala mula sa Panginoon ng mga nilalang sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na ikaw***

³⁰ Qur'an 2:274.

³¹ Huwag Kang Mawalan ng Pag-asa.

³² Isinalaysay ito ni al-Bukhárí.

ay hindi gugugol ng isang gugulin na hinahangad mo sa pamamagitan nito ang ikasisiya ng Mukha ni Allah malibang gagantimpalaan ka roon, pati na ang anumang inilalagay mo sa bibig ng maybahay mo.³³ Kaya kung itinakda ni Allah sa iyo ang pagpapala sa panustos sa iyo, huwag mong ipagmaramot sa sarili mo at mga kapatid mo sa bayan mo at sa labas nito ang guguling pinagpala na kaunti o marami.

Tungkol naman sa kaunti, ipinaaalala nito sa akin ang nabanggit sa akin ng isa sa mga imám ng mga masjid na siya raw noon ay dumadakila sa isa sa mga dukhang tagapaglinis sa bilis ng pagtugon nito sa panawagan ng paggugol sa landas ni Allah. Ito, sa kabila ng kahinaan nito at karukhaan nito, ay hindi nag-aatubili roon. Bagkus sa tuwina ay nagkakaloob ng kalahating Riyal o mga malapit dito na nakakaya niya. Kalahating Riyal lamang! Mag-ingat ka na masadlak sa sarili mo ang kinasasadlakan ng panghahamak sapagkat tunay na ito sa ganang kay Allah, ayon sa kapahintulutan Niya, ay may dakilang halaga. Nalalaman mo ba kung bakit? Dahil ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: ***Ang sinumang magkawanggawa ng katumbas sa isang datiles mula sa mabuting kinita—at hindi tatanggapin ni Allah kundi ang mabuti—tunay na si Allah ay tatanggap nito sa pamamagitan ng kanang kamay Niya at saka palalakihin Niya ito [ang gantimpala] para sa nagbigay nito, gaya ng pagpapalaki ng isa sa inyo sa guyang kabayo niya, hanggang sa maging tulad ng bundok.***³⁴

³³ Isinalaysay ito ni al-Bukhárí.

³⁴ Isinalaysay ito ni al-Bukhárí.

Tunay na iyon ay kalahating Riyal lamang...subalit ito ay baka magsilbing isang pangangalagang tagapagsangalang, ayon sa kapahintulutan ni Allah, laban sa Apoy ng Impiyerno. Bakit hindi mo alalahanin kasama ko ang sabi ng Propeta (SAS): ***Pangilagan ninyo ang Apoy kahit pa sa pamamagitan ng kalahating datiles.***³⁵

Magkasama tayong lumakad-lakad patungo sa isa sa mga dako ng kabutihan upang saksihan ang galanteng tanawin: Sa bisperas ng ‘Íd, may isang bata na nagbigay sa kawaning responsable sa pagtitipon ng mga donasyon ng halagang umabot sa humigit-kumulang sa dalawang daang Riyal, gayong ang edad niya ay hindi pa lumalampas sa sampu kaya nagtataakang tinanong siya nito: “Saan mo nakuha ang halagang ito at ano ang ninanais mong gawin namin dito?” Sumagot siya: “Ito ay perang ibinigay sa akin ng tatay ko para ipambili ko ng damit para sa ‘íd, pero gusto kong ipambili ito ng isang ulilang Muslim ng isang bagong damit sa ‘Íd. Tungkol naman sa akin, tama na sa akin itong damit na suot ko.”

Talagang pinagpala ni Allah itong bahay na sinibulan mo at lumaki ka sa pagtangkilik nito, anak. Ginawa ka Niya para rito na lugod ng mata sa mundo at sa Kabilang-buhay.

Tungkol naman sa pagiging malaki ng paggugol mo, alalahanin mo ang isinalaysay ni Anas ibnu Málík (RA) nang siya ay nagsabi:

“Si Abú Talhah noon ang may pinakamaraming ari-arian na puno ng datiles sa mga Ansári sa Madínah. Ang pinaka-

³⁵ Muttafaq ‘Alayhi.

ibig niya sa mga ari-arian niya ay ang [hardin ng] Bayruḥá'. Ito ay nakaharap sa masjid. Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay pumapasok doon at umiinom sa kaaya-ayang tubig doon." Sinabi pa ni Anas: "Noong ibinaba ang áyah na ito (3:92): **Hindi ninyo matatamo ang pagpapakabuting-loob malibang gugugol kayo mula sa naiibigan ninyo...ay tumin-dig si Abú Talhah patungo sa Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Allah, tunay na si Allah—mapagpala Siya at pagkataas-taas Niya—ay nagsasabi: (3:92): **Hindi ninyo matatamo ang pagpapakabuting-loob malibang gugugol kayo mula sa naiibigan ninyo....at tunay na ang pina-kaibig ko sa mga ari-arian ko ay ang [hardin ng] Bayruḥá'.** Tunay na ito ay kawanggawa na para kay Allah. Inaasahan ko ang gantimpala rito at ang paglalagak [ng kabayaran] nito sa piling ni Allah kaya italaga mo po ito, o Sugo ni Allah, sa kung saan ipakikita sa iyo ni Allah." Nagsabi pa siya: "Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Magaling; iyan ay ari-ariang matubo, iyan ay ari-ariang matubo. Narinig ko nga ang sinabi mo. Tunay na ako ay nag-iisip na ilagay ito sa mga kaanak [mo].** Kaya nagsabi si Abú Talhah: Gagawin ko, o Sugo ni Allah. Kaya hinati ito ni Abú Talhah sa mga kamag-anak niya at mga pinsan niya."³⁶**

Minamahal na kapatid, maging isa ka sa mga taong duma-dalangin para sa kanila ang mga anghel ng ganito: **O Allah, magbigay Ka ng panumbas sa isang gumugugol.** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

³⁶ Isinalaysay ito ni al-Bukhárí.

Minamahal na kapatid, maging isa ka sa ginugugulan ni Allah sapagkat tunay na Siya ay nagsasabi sa Hadíth Qudsí: **Gumugol ka, o anak ni Adan, gugugulan ka.**³⁷

Minamahal na kapatid, maging may katiyakan ka na ang anumang ginugol mo ay mananatili at hindi naglaho. Ang paglaho ay para lamang sa anumang kinimkin natin:

Ikaw ay pag-aari ng ari-arian kapag ito'y kinimkim mo, at kapag ginugol mo ito, ang ari-arian ay pag-aari mo.

Ayon kay 'Á'ishah (RA): "Sila ay nagkatay ng isang tupa at nagsabi ang Propeta (SAS): **Ano ang naiwan rian?** Nagsabi ito: Walang natira rito kundi ang balikat niyan. Nagsabi siya: **Naiwan ang [gantimpala para sa] lahat maliban sa [gantimpala para sa] balikat.** Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí at sinabi niya na ito ay isang Hadíth na tumpak.

Hindi...ang ginugol natin ay hindi lamang mananatili, bagkus ay nadadagdagan at nadadagdagan sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: **Hindi nakabawas ang isang kawanggawa mula sa ari-arian.**³⁸

Talaga ngang naibalita sa akin ng isa sa mga mangangaral³⁹ na may isang malaking mangangalakal mula sa mga mayaman ng mabuting bayang ito⁴⁰ na nagsasabi sa

³⁷ Muttafaq 'Alayhi.

³⁸ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

³⁹ Siya ay ang kapatid ko na si Doktor Khálid ibnu Sa'úd al-Hulaybí. Panagumpayin nawa siya ni Allah.

⁴⁰ Ang mapagmagandang-loob na dakilang Shaykh na si 'Abdulláh ibnu 'Abdul'azíz an-Na'im—kaawaan siya ni Allah ng malawak na

kanya: Wala kang ginugol na anuman sa landas ni Allah malibang nakita mo sa mata ang pagkadagdag niyon dahil sa biyaya ng kawanggawa at kagandahang-loob nito.

Pakinggan mo ang salaysay na ito na magpapalapit sa iyo sa isang bunga mula sa mga bunga ng magandang hardin na ito. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi:

Samantalang ang isang lalaki ay nasa tigang na lupa ay nakarinig siya ng isang tinig sa ulap: Patubigan mo ang hardin ni Polano. Pagkatapos ay lumayo ang ulap at ibinuhos nito ang tubig nito sa isang mabatong lupa. Walang anu-ano ay may isang daluyan mula sa mga daluyang iyon na sumahod sa lahat ng tubig na iyon. Kaya sinundan niya ang tubig at walang anu-ano ay may lalaking nakatayo sa hardin nito na nagbabaling ng tubig sa pamamagitan ng asarol nito. Kaya nagsabi siya rito: O lingkod ni Allah, ano ang pangalan mo? Sinabi nito na Polano, na siya ring pangalan na narinig niya sa ulap. Nagsabi ito: O lingkod ni Allah, bakit mo ako tinatanong tungkol sa pangalan ko? Nagsabi siya: Ako ay nakarinig ng isang tinig sa ulap na ito na ang tubig niyon, na nagsasabi: Patubigan mo ang hardin ni Polano, na siya ring pangalan mo. Ano ang ginagawa mo [sa biyaya] rito? Nagsabi ito: Palibhasa yamang sinabi mo ito, tunay na ako ay tumitingin sa tumutubo mula rito at ikinakawanggawa ko ang ikatlong bahagi nito, kinakain ko at ng mag-anak ko ang ikatlong bahagi at ibinabalik ko rito

awa—na nagbibigay noon ng tulong sa gawaing pangkawanggawa sa bayan ng al-Aḥsá' at sa labas nito.

ang ikatlong bahagi. Sa isang sanaysay: *Itinatalaga ko ang ikatlong bahagi nito sa mga dukha, mga nanghihi-
ngi at mga manlalakbay na kinapos.*⁴¹

Ang paggugol ay isang magandang kaasalan. Nag-iibayo ang kagandahan nito kapag nasa kalagayang bunsod ng pangangailangan at kawalan kaya naman makatatagpo rito ang pagbibigay at ang pagtatangi sa iba. Hayaan mo akong magsalaysay sa iyo tungkol sa nagpahanga kay Allah gayong Siya ang Mapagbigay, ang Mapagkaloob. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Pumunta ang isang lalaki sa Propeta at nagsabi: Tunay na ako po ay patang-pata. Kaya nagpasugo siya sa isa sa mga maybahay niya ngunit nagsabi ito: Sumpa man sa Kanya na nagpadala sa iyo kalakip ang katotohanan, wala ako kundi tubig. Pagkatapos ay nagpasugo siya sa isa pa, ngunit nagsabi rin ito ng tulad niyon, hanggang sa nagsabi silang lahat [ng tulad] niyon: Wala; sumpa man sa Kanya na nagpadala sa iyo kalakip ng katotohanan, wala ako kundi tubig. Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): *Sino ang magpapanauhin sa kanya ngayong gabi?* Kaya nagsabi ang isang lalaki na kabilang sa mga Ansári: Ako po, o Sugo ni Allah. Kaya lumisan iyon kasama nito patungo sa tahanan at nagsabi sa maybahay niyon: Parangalan mo ang panauhin ng Sugo ni Allah.” Sa isang sanaysay, sinabi niyon sa maybahay niyon: “Mayroon ka bang anuman? Nagsabi ito: Wala, maliban sa pagkain ng mga anak ko. Nagsabi iyon: Kaya lingatin mo sila sa pamamagitan ng anuman. Kapag ninais

⁴¹ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

nila na maghapunan ay patulugin mo sila. Kapag pumasok ang panauhin natin ay patayin mo ang sulo at ipakikita ko sa kanya na [waring] kumakain tayo. Kaya umupo sila at kumain ang panauhin. Silang [mag-asawa] ay magdamag na gutom. Noong nag-umaga ay pumunta iyon sa Propeta (SAS) at nagsabi naman siya: ***Talaga ngang humanga si Allah sa ginawa ninyo sa panauhin ninyo kagabi.***⁴²

Iyon ay isang lipunan na naalagaan sa mga kaasalang pampropeta at uminom sa dalisay na bukal ng mga ito, isang lipunan na hindi nakaaalam ng egotismo at pagkamakasarili. Heto ang isang kategorya nito na pinapurihan ng Propeta sa pamamagitan ng ideyal at marangal na paglalarawan. Kung sakaling tinularan ng Kalipunang Islam iyon sa ngayon, wala sanang natirang nag-iisang dukha. Sila ang mga Ash'arí, na nagsabi ang Propeta (SAS) tungkol sa kanila: ***Tunay na ang mga Ash'arí, kapag naubusan ng baon sa labanan o nangaunti ang pagkain ng mga mag-anak nila sa Madínah, ay tinitipon nila ang anumang mayroon sila sa iisang damit. Pagkatapos ay ibinabahagi nila ito sa pagitan nila sa isang sisidlan sa pantay-pantay na sukat. Kaya sila ay mula sa akin at ako ay mula sa kanila.***⁴³

Mag-ingat ka na maghari sa iyo ang kawalang-pag-asa sapagkat hindi pa rin nawawalan ang Kalipunang Muslim ng mga mapagbigay na sumusunod sa mga hakbang ng Propeta (SAS) at mga matuwid na nauna. Hindi natin nakalimutan kailanman ang mga kampanya ng pagkakawang-

⁴² Muttafaq 'Alayhi.

⁴³ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

gawa at pag-aambag para sa mga inaaping kapatid natin sa bawat pook, mga larawan ng pagbibigay na nagagalak ang mga kaluluwa dahil sa saganang pagkakaloob at lumiligaya ang puso dahil sa bigay nito. Tunay na ang nakasasaksi roon ay talagang masusumpungan na iyon ay pang-alis ng pighati sa lupang ito at lihim ng katatagan nito at katiwasayan nito. Kay Allah ang papuri at ang pagbibiyaya.

Talaga ngang pinahanga ako ng dalawang pangyayari na binanggit ni Shaykh ‘Alí at-Tantawí—kaawaan siya ni Allah—sa sariling talambuhay niya. Sinabi niya sa paunang salita tungkol sa dalawang ito:

“Ang shaykh ng ama ko na si Shaykh Salím al-Masúti—kaawaan siya ni Allah—sa kabila ng kahirapan niya noon ay hindi tumatanggi kailanman sa isang nanghihingi. Kay dalas na nakasuot siya ng *jubbah*⁴⁴ o pelyeho,⁴⁵ at kapag nakatagpo siya ng isang giniginaw na nanginginig ay huhubarin niya ito, iaabot doon at uuwi sa bahay na nakatapis. Kay dalas na kunin niya ang plato ng pagkain sa harap ng pamilya niya at ibibigay ito sa humihingi. Isang araw sa Ramadán noong naihain na ang pagkain sa hapag habang hinihintay ang putok ng kanyon ay may dumating na nanghihingi na sumusumpa na ito at ang mag-anak nito ay walang pagkain. Hinangad ng Shaykh na malingat ang maybahay niya. Pinagbuksan niya ito at ibinigay rito ang lahat ng pagkain. Kaya noong nakita iyon ng maybahay niya ay umatu-

⁴⁴ Mahabang panlabas na kasuutan, na nakabukas sa harap, na may malapad na mga manggas, Hans Wehr, *A Dictionary of Modern Written Arabic*.

⁴⁵ Kasuutan na yari sa balat na may balahibo.

ngal ito sa kanya, humiyaw at sumumpa na ito ay hindi na uupo sa tabi niya. Siya naman ay tahimik lamang. Hindi lumipas ang kalahating oras at kinatok ang pinto. May dumating na may dala-dalang mga plato na may sari-saring pagkain, minatamis at prutas. Nagtanong sila: Anong balita? Ang balita ay [na ang prinsipeng ay] nag-anyaya ng ilang malalaking tao ngunit humingi ng paumanhin ang mga ito kaya nagalit iyon. Sumumpa iyon na hindi kakain mula sa inihandang pagkain at ipinag-utos na dalhin ang lahat ng ito sa tahanan ni Shaykh Salím al-Masúti. Kaawaan siya ni Allah.”

hindi ako nakakita ng kagayang buti: hinggil sa lasa niyon, matamis; hinggil sa kulay niyon, maganda.

Tungkol naman sa isa pang kuwento, ito ay ang kuwento ng isang babae na naglakbay ang anak niya. Nakaupo na siya isang araw upang kumain samantalang walang nasa harap niya kundi isang subong ulam at isang pirasong tinapay nang may dumating na isang nanghihingi. Ipinagkait niya sa bibig niya ang isang subo at ibinigay ito roon. Magdamag siyang gutom. Noong dumating ang anak mula sa paglalakbay nito ay nagsimula itong magsalaysay tungkol sa nakita sa paglalakbay nito. Sinabi nito: “Isa sa napakakataka-taka na nangyari sa akin ay hinabol ako ng isang leyon sa daan. Nag-iisa ako at tinakasan ko iyon. Nilundag ako nito at naramdaman ko na lamang na ako ay nasa bibig na nito. Walang anu-ano ay may isang lalaki na nakasuot ng puting damit na lumitaw sa harapan ko. Iniligtas ako nito mula roon at nagsabi: Isang subo sa isang subo. Hindi ko naunawaan ang ibig nitong sabihin.” Tinanong ito ng

ina tungkol sa oras ng pangyayaring iyon at iyon ay noong araw na nagkawanggawa siya sa dukha. Inalis niya ang isang subo sa bibig niya upang ilimos ito alang-alang kay Allah at inalis naman ang anak niya sa bibig ng leyon. Dito natapos ang salita ng Shaykh. Kaawaan siya ni Allah.

Sinumang gumawa ng mabuti, hindi mawawala ganti nito, hindi maaalis ang pagkilala sa gitna ni Allah at mga tao.

Anong kasawian ng karamutan! Walang naipasuwat ito sa nagtataglay nito kundi damit ng kaabahan at kahamakan. Wasak ang ani nito. Mabaho ang amoy nito. Walang ipinamamana ito kundi pagkalipol sa mga individuwal, mga kalipunan at mga bansa. Nagsasabi ang Propeta (SAS): ***Pangilagan ninyo ang kasakiman sapagkat tunay na ang kasakiman ay lumipol sa nauna sa inyo: ibinuyo sila nito na magpadanak ng mga dugo nila at magpahintulot sa mga ipinagbawal sa kanila.***⁴⁶

Ang Ikaapat na Hardin

Ang Hardin ng Awa

Tunay na ito ay hardin na lumalaganap ang halimuyak nito na sampagita at rosas at umuugoy-ugoy ang mga sangang rito sa galak sa pagdating ng mga may maawaing mga puso na naaruga sa pagpapasakop sa harap ng Maawain. Banayad ang mga ito sa mga nilikha Niya. Nahabag ang mga ito sa mga lingkod Niya dahil sa paghiling ng awa sa Panginoon nila at ng habag Niya sa kalagayan nila.

⁴⁶ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

Mga maawain, ganito ang ninais sa atin ng Tagapaglikha. Mula sa bukal ng pagdadamay ay magbaon tayo, mula sa bukal ng pagkakaawaan ay uminom tayo. **Si Muhammad ay Sugo ni Allah. Ang mga kasama niya ay mga matindi sa mga tumatangging sumasampalataya, mga maawain sa isa't isa sa kanila. Makikita mo sila na mga nakayukod, mga nakapatirapa, na naghahangad ng isang kabutihang-loob mula kay Allah at ng isang kasiyahan Niya.**⁴⁷

Heto ang Propeta ng awa, inaabot sa kanya ang isang bata⁴⁸ na kumakaluskos ang kaluluwa nito sa dibdib nito, na nagnanais lumabas mula sa maliit na katawan nito. Lumitaw ang mga luhang pinagpala sa mata ng Propeta (SAS) kaya nagsabi sa kanya si Sa'd (RA): O Sugo ni Allah, ano [ang pagluhang] ito? Sinabi niya: ***Ito ay isang awa na ini-lagay ni Allah sa mga puso ng mga lingkod Niya. Naaawa lamang si Allah sa mga maawaing lingkod Niya.***⁴⁹

Pakaalamin mo, pangalagaan ka ni Allah, na ang awa ay isang landas patungo sa Paraiso, kay gandang landas! Papaanong hindi gayon samantalang nagpapasok si Allah sa Paraiso ng isang lalaki dahilan sa awa na pumuno sa puso nito. Awa sa ano? Hayaan natin ang Propeta (SAS) na mag-salaysay sa atin sa mga kabanata ng kuwento sa pinakamaksiing pananalita at pinakatumpak. Sinasabi niya (SAS):

May isang lalaki na naglalakad. Tumindi sa kanya ang pagkauhaw kaya bumaba siya sa isang balon at uminom

⁴⁷ Qur'an 48:29.

⁴⁸ Ang batang ito ay si Ibráhim na anak ng Sugo ni Allah (SAS).

⁴⁹ Muttafaq 'Alayhi.

*doon. Pagkatapos ay lumabas. Walang anu-ano ay may isang aso na hinihingal. Kumakain ito ng basang lupa dahil sa pagkauhaw. Nagsabi siya: Talagang ngang sinapit nito ang tulad ng sumapit sa akin. Kaya pinuno niya ang sapatos niya. Pagkatapos ay dinala niya ito sa pamamagitan ng bibig niya. Pagkatapos ay umakyat siya at pinainom ang aso. Nagpasalamat si Allah sa kanya at nagpatawad sa kanya. Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, tunay na magkakaroon kami ng gantimpala sa mga hayop? Nagsabi siya: **Sa bawat may buhay ay may gantimpala.**⁵⁰*

Anong kasawian ng magaspang na mabagsik! Ang tao sa ganang kanya ay hindi kinaaawaan, kahit sa isang ngiti na maiguguhit niya sa pagmumukha niya. Kaya papaano na sa isang hayop na pipi na bingi? Kaaba-abang kalagayan ang kalagayan niya. Hindi ako at hindi ikaw ang humatol sa uri na ito ng mga tao nang pagiging sawi, bagkus ang Sugo ng awa (SAS) ang humatol sa kanya niyon. Sinabi niya: **Hindi inaalís ang awa kundi sa sawi.** Isinalaysay ito ni Imám Ahmad at Imám at-Tirmidhí. Ang pagkakatala ng mga mananalaysay nito ay maganda.

Matapos ang Impiyerno, o mga Muslim, mayroon pa bang kasawian. Heto ang isang babae na nagiging karapat-dapat sa Impiyerno—kaaba-abang pamamalagian—nang nabaliktad ang kalikasan ng pagkaawa sa pinadilim na puso niya dahil sa kapalaluan. Isinalaysay sa atin ng mahal na Propeta natip (SAS) ang tungkol sa kahahantungan niya, na nagsasabi: **Pinagdurusa ang isang babae dahil sa isang**

⁵⁰ Muttafaq ‘Alayhi.

pusa na ikinulong niya hanggang sa mamatay. Papasok siya sa Apoy dahil dito. Hindi siya nagpakain dito at hindi nagpainom dito noong ikinulong niya ito. Hindi niya pina-bayaan ito na kumain mula sa mga kulisap ng lupa.⁵¹

Nasubukan mo na ba, kapatid, kung papaano kang lilipusin ng awa minsan sa pagdalaw sa isang maysakit na hindi pinatulog ng sakit ang mga mata nito at pinuyat ng hapdi ang gabi nito? Sinasabi ng Sugo (SAS): ***Kapag may isang Muslim na dumadalaw sa isang [maysakit na] Muslim sa umaga ay mananalangin ng awa para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa gumabi. Kung dinalaw niya ito sa gabi ay mananalangin ng awa para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa mag-umaga. Magkakaroon siya ng bungang pipitasin sa Paraiso.*** Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí at sinabi niya na ito ay Hadíth na maganda.

Mahal na kapatid, iabot mo ang kamay ng pag-aaruga sa isang ulila na nawalan ng pagsinta ng ama at sumuso ng kasawian ng pagkawala niyon upang magkaroon ka, dahil sa nakabubuting gawain mong ito, ng bahagi sa sabi ng mahal na Propeta (SAS): ***Ako at ang nag-aaruga ng ulila ay magiging ganito sa Paraiso.*** Ipinahiwatig niya iyon sa pamamagitan ng hintuturo at hinlalato na ibinuka niya. Isinalaysay nito ni Imám al-Bukhárí.

Maging mapagmahal na puso ka sa balo, na ihiniwalay ng kamatayan sa mahal niya kaya naman binasag ng paghihiwalay ang puso niya at pinabigatan ang sarili niya ng

⁵¹ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

pangangailangan sa ibang mga tao, sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: ***Ang nagmamalasakit sa balo at dukha ay gaya ng nakikibaka sa landas ni Allah o nagdarasal sa gabi na nag-aayuno pa sa maghapon.***⁵²

Magpakita ka, minamahal, ng awa sa isang mahina na pinangayayat ng hinagpis at nilansag ang kabuuan niya ng pangangayat sapagkat tunay na si Allah ay nagsasabi (93:9-10): ***Kaya naman ang ulila ay huwag mong siilin. Ang nanghihingi naman ay huwag mong itaboy.***

Pasilungin mo sa kubol ng mga awa ang maybahay mo, ang mga babaeng anak mo at ang mga kababaihan mo sapagkat tunay na sila, maging anuman ang naabot nila sa kaalaman at kayamanan, ay sisilong sila sa pangangailangan sa iyo at habag mo. Alalahanin mo, o naghahasik ng gawang nakabubuti, na ang ani nito ay pinagpala at ang mapipitas ay kaaya-aya. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “May pumunta sa akin na isang babaing dukha na may dala-dalang dalawang babaing anak niya. Binigyan ko siya ng makakain na tatlong datiles. Binigyan niya ang bawat isa sa dalawang iyon ng isang datiles at iniangat niya sa bibig niya ang isang datiles upang kainin ito. Ngunit hiniingi ito ng dalawang babaing anak niya kaya hinati niya sa pagitan ng dalawang iyon ang datiles na ninanais niya na kainin. Hinangaan ko ang asal niya kaya binanggit ko sa sugo ni Allah (SAS) ang ginawa nito at nagsabi siya: ***Tunay na si Allah ay nag-ukol sa kanya sa pamamagitan niyon***

⁵² Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

*ng Paraiso o nagpalaya sa kanya sa pamamagitan niyon mula sa Apoy.*⁵³

Panatilihin mo ang ugnayan sa mga kaanak sapagkat ang [salitang kaanak sa Arabe na] ito ay hinango sa awa (*rahmah*). Talagang matitikman mo ang tamis ng bunga nito sa Mundo bago ang Kabilang-buhay. Nagsasabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang ikasasaya niya na paluwagin para sa kanya ang panustos sa kanya o pahabain siya sa edad niya ay makipag-ugnayan siya sa kaanak niya.*⁵⁴

Pakaalalahanin mo, o ikaw na pinayaman ni Allah mula sa kabutihang-loob Niya, na ang katulong mo ay hindi dumating kung hindi dahil sa isang mahigpit na pangangailangan na dumapo sa kanya at dahil sa isang hikahos na pamumuhay na nagpapayat sa mga supling niya. Kaya naman huwag kang magmalupit sa kanya at palampasin mo ang mga kamalian niya. Nagsasabi si Anas (RA): “Pinagsilbihan ko ang Propeta (SAS) nang sampung taon ngunit hindi siya nagsabi sa akin ng ‘Buwisit,’ hindi [nagsabing] ‘Bakit mo ginawa’ at hindi [nagsabing] ‘Bakit hindi mo ginawa.’”⁵⁵

Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Hindi nanakit ang Sugo ni Allah (SAS) ng isang katulong kailanman, ni isang maybahay niya kailanman, hindi siya nanakit sa pamamagitan ng kamay niya maliban sa pakikibaka sa landas ni Allah.”⁵⁶

⁵³ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

⁵⁴ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

⁵⁵ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.

⁵⁶ Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. Ito ay *ṣahīḥ*.

Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA): “May isang lalaki na pumunta sa Propeta (SAS) at nagsabi: Tunay na ang katulong ko ay gumagawa ng masama at lumalapastangan. Kaya sasaktan ko po ba ito?” Nagsabi siya: ***Magpaumanhin ka sa kanya sa bawat araw nang makapitumpung ulit.***”⁵⁷

O kataka-taka! Papaanong humihingi tayo ng ulan sa mantalang nagkulang tayo ng marami sa karapatan ng mga mahinang kapatid natin? Nakalimutan na natin ang Hadíth ng Propeta (SAS): ***Hindi kayo iaadya at tutustusan malibang sa pamamagitan ng mahihinang [kapatid] ninyo.***⁵⁸

Tunay na ang pagtulong sa mahina ay bahagi ng patnubay ng Propeta (SAS), na ang pagsunod dito ay gagantimpalaan at ang pananatili roon ay isang kaluwalhatian at isang karangalan, yamang: “Ang Propeta noon ay nagpapahuli sa paglalakad yamang inaalalayan niya ang mahina, inaangkas at dumadalangin para roon.”⁵⁹

Hindi nawalan sa Kalipunang Muslim ng mga nakikibaka na nagpapakaabala sa mga maralita at mga nangangailangan. Dinadamayan nila ang mahinang kapatid nila, dinadamitan nila ang mga hubad sa mga ito, inaaruga nila ang mga ulila sa mga ito at umaagapay sila sa mga balo ng mga ito.

Ito ay isang kuwento na napabantog na sa mga tao, ngunit nakasusumpong ako ng aliw sa pagbanggit nito at ng aral sa paglalahad nito.

⁵⁷ Isinalaysay ito nina Imám Aḥmad at Imám at-Tirmidhí. Ito ay sahíḥ.

⁵⁸ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

⁵⁹ Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud nang may tamang isnád.

May isang lalaki na nakakita sa panaginip niya na ang Sugo (SAS) ay pumunta sa kanya at nagsabi sa kanya: “Pumunta ka kay Polano na anak ni Polano sa pook na ganito at pagalakin mo ito ng balita tungkol sa pagpasok sa Paraiso.” At nagising ang lalaki.

Tinangka niyang alalahanin ang pagkatao ng lalaking ito na pinangalanan sa kanya ng Sugo (SAS) sa panaginip niya ngunit hindi siya makaalaala ng isang lalaking naki-kilala niya sa pangalang ito. Kaya pumunta siya sa isa sa mga nagpapakahulugan ng mga panaginip. Nagsabi iyon: “Ipabatid mo ang panaginip mo.”

Nagsimula siyang magtanong at magtanong hanggang sa nalaman niya ang nayong pinaninirahan ng [lalaking] ito. Pumunta siya roon at nagtanong tungkol sa lalaki. Itinuro ito sa kanya. Pagkatapos ay nakatagpo niya ito at nagsabi siya rito: “Tunay na ako ay mayroong nakagagalak na balita para sa iyo subalit hindi ko ibabalita iyon sa iyo malibang babalitaan mo ako ng tungkol sa mga matuwid na gawa mo.”

Kaya nagsabi ang lalaki: “Wala akong anumang hihigit sa iba pang mga Muslim.”

Nagsabi siya: “Kaya hindi ako magbabalita sa iyo.”

Ipinagpilitan niya rito iyon para hilingin na malaman ang nakabubuting gawain nito na ginagawa nito kaya naman nagsabi na ito: “O heto. Tunay na ako ay nagtatrabaho at gumugugol sa pamilya ko. Noong pumanaw ang isang kapitbahay ko na may asawa at supling ay hinahati ko na ang buwanang suweldo ko sa bahay ko at sa bahay ng kapitbahay ko.”

Nagsabi ang may panaginip: “Ito ang nagparating sa iyo [sa Paraiso]. Pakaalamin mo na ako ay nakakita sa Sugo ni Allah (SAS) sa panaginip ko at tunay na siya ay nagpapagalak sa iyo ng balita tungkol sa pagpapasok sa Paraiso.”

Ingatan mo karapatan ng isang kaibigang nakikilala mo tiwasay ng kapitbahay, pangalagaan sa kamay ligalig umugnay sa kapatid sa laman, kakamtin pagmamahal niya sa mga kasawian, makikita siya na mabuting kumakampi pakikipag-ugnayan sa kanya, agad makahahatak sa ugnayan at maaaring madagdagan ito sa tanang buhay Magkaloob ka sa pulubing nagparating ng pagkahamak niya at kahit pa bagay na kaunting pakinabang, na hamak

Ang Ikalimang Hardin

Ang Hardin ng Pagpapakabuting-loob sa mga Magulang

Isang gawaing kabilang sa mga gawaing nakabubuti na hindi matutumbasan ng ibang gawain. Mula saan ko sisimulan ang pag-uusap tungkol dito at papaano kong tatapusin? Pagpapakabuting-loob na itinagubilin ni Allah pagkatapos ng paniniwala sa pagkaiisa Niya, inudyukan ng Propeta Niya (SAS), inudyukan Niya at masusing tinalakay ng mga maalam, mga mangangaral at mga orador. Kaya ano marahil ang sasabihin ko matapos ang sabi ni Allah (17:23-25): **Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya at sa mga magulang ay magmagandang-loob. Kung aabutan nga sa piling mo ng katan-daan ang isa sa kanila o ang kapwa sa kanilang dalawa**

ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng nakasusuya at huwag mong bulyawang silang dalawa. Magsabi ka sa kanilang dalawa ng marangal na salita. Iba-ba mo para sa kanila ang pakpak ng kababaang-loob bahagi ng pagkaawa at sabihin mo: “Panginoon ko, kaawaan Mo sila gaya ng pag-alaga nilang dalawa sa akin noong bata pa *ako*.” Ang Panginoon ninyo ay higit na nakaaalam sa anumang nasa mga sarili ninyo. Kung kayo ay magiging mga matuwid, tunay na Siya sa mga nagbabalik-loob ay laging Mapagpatawad.

Ano na ang natira para sa akin na sasabihin ko matapos ang sabi ng Propeta (SAS): *Mangudngod sa alikabok ang ilong niya! Pagkatapos ay mangudngod sa alikabok ang ilong niya! Pagkatapos ay mangungod sa alikabok ang ilong niya*. Sinabi: Sino po, o Sugo ni Allah? Nagsabi siya: *Ang sinumang nakaabot sa mga magulang niya sa katan-daan: sa isa sa kanilang dalawa o sa kapwa sa kanilang dalawa, pagkatapos ay hindi pa papasok⁶⁰ sa Paraiso.*⁶¹

Gayunpaman, ang kasawian ay ang pagkalimot natin na ang puno ng pagpapakabuting-loob sa mga magulang ay mabilis magbunga at malapit pitasin. Makikita ito ng may-ari nito sa mata at nang malinaw sa mundo niya at ilalagak para sa kanya ang marami mula sa mga ito sa kabilang-buhay niya. Ngunit bakit niyayanig ng mga tukso ng mundo ang katiyakan natin dito, hanggang ikiniling tayo ng mga ito palayo sa pagpapakabuting-loob. Kaaba-aba ang buhay

⁶⁰ Ang pag-aaruga sa mga magulang na inabutan ng katandaan sa piling ay isang malaking pagkakataon upang matamo ang Paraiso.

⁶¹ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

na walang magandang gawa o pagganti sa magandang gawa. Ang magandang gawa sa mga magulang ay aling magandang gawa?

Kaya paanong ikakaila ang ina na bigat mo ay dinala niya at lumublob ka sa loob niya ng ilang buwan

Pinasuso ka hanggang sa dalawang taon kapag lulubusin sa kandungan niya, umiinom ka sa dibdib ng gatas

Pinakitunguhan ka na may magandang-loob at pag-aalaga hanggang sa nahinog at naging kung paanong nakikita mo

Ang ama, ang ugat ay huwag mong ikaila sa pag-aalaga

Pangalagaan mo siya lalo na kung umabot sa katandaan

Anumang isagawa para sa kanya, tungkulin sa iyo kahit pa sa mga mata mo'y nagsagawa ng hajj sa Ka'bah at 'umrah

Tunay na ang pagpapakabuting-loob sa mga magulang, matapos ang pagpapatagumpay ni Allah, ay ang lihim ng tagumpay sa buhay at ng kaligtasan mula sa maraming dalamhati. Sa pamamagitan nito ay lumiligaya ang mga kaluluwa at lumuluwag ang mga dibdib. Makikita ng nagpapakabuting-loob sa mga magulang niya ang kaligayahan sa pamamagitan ng sariling mga mata niya at pagpapala sa kalusugan niya, ari-arian niya at mga supling niya.

Itutok mo sa pag-uusap na ito ang pandinig mo at bumaling ka rito sa pamamagitan ng puso mo at pagmasdan mo rito ang mga ginagawang pagpapakabuting-loob at nakabubuting gawain at kung paano ang naging bunga nito.

Nagsasabi ang Propeta (SAS): ***Habang naglalakad-lakad ang tatlong lalaki ay inabutan sila ng ulan kaya tumuloy sila sa isang yungib sa isang bundok. Pagkatapos ay may bumagsak sa bukana nito na isang malaking***

bato mula sa bundok. Tumaklob ito sa kanila kaya nagsabi ang isa sa kanila sa iba: “Tingnan ninyo ang mga matuwid na gawang ginawa ninyo para kay Allah at dumalangin kayo kay Allah, pagkataas-taas Niya, sa pamamagitan ng mga ito. Harinawa si Allah ay magbukas para sa inyo.” Kaya nagsabi ang isa sa kanila: “O Allah, tunay na noon ay mayroon akong mga magulang na lubos na matanda at maybahay. Mayroon pa akong mga anak na maliliit. Nagpapastol ako para sa kanila at kapag umuuwi ako sa kanila ay ginagatasan ko [ang hayop] at nagsisimula ako sa [pagpapainom sa] mga magulang ko bago ang mga anak ko. Nailayo ako isang araw ng [paghahanap ng] kumpay. Kaya hindi ako nakauwi hanggang sa gumabi. Pagkatapos ay natagpuan ko ang dalawa na nakatulog na. Ginatasan ko [ang hayop] gaya ng dating paggatas ko. Pagkatapos ay dinala ko ang ginatas at tumayo ako sa tabi ng mga ulo nilang dalawa. Minamasama ko na gisingin sila sa pagkakatulog nilang dalawa at minamasama ko na painumin ang mga bata bago silang dalawa. Ang mga bata ay nag-aangilan sa tabi ng mga paa ko. Iyon pa rin ang kalagayan ko at ang kalagayan nila hanggang sa sumikat ang madaling-araw. Kaya kung Ikaw ay nakaaalam na ako ay gumawa niyon sa paghangad ng ikasisiya ng Mukha Mo, magbukas Ka para sa amin mula [sa pagkakasara na] iyon ng isang pagbubukas na makikita namin mula roon ang langit.” Kaya nagbukas si Allah mula roon ng isang pagbubukas, at nakita nila mula roon ang langit...(Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Gayon nga, bawat isa sa tatlo ay dumalangin kay Allah sa pamamagitan na matuwid na gawa na ikapagpapalapit-loob kay Allah hanggang sa pinawi ni Allah sa kanila ang dalamhati nila at nakalabas sila sa yungib na iyon.

Talagang ngang nakita nila ang buhay matapos ang kamatayan at ang kaligtasan matapos ang kapahamakan. Tunay na ito ang napipitas sa pagpapakabuting-loob at ang naaani sa gawang nakabubuti.

Tunay na ito ang napipitas at naaani sa pagpapakabuting-loob na makikita mo, o ikaw na nagpapakabuting-loob, sa pagiging matuwid ng mga anak mo, pag-ibig nila sa iyo, pag-aalaga nila sa ina nila at pagmamahal nila rito. Kaya magalak ka sa mundo mo at sa kabilang-buhay mo dahil sa pagpapakabuting-loob mo.

At ano, sumpa man sa Panginoon ninyo, ang aanihin ng nagpakasuwail sa mga magulang niya bukod pa sa hilahil sa buhay, kahapisan sa dibdib, kahikahusan sa mga biyaya at kalapastanganan sa mga anak. O kapighatian sa mga kaluluwang iyon na mabagsik sa mga magulang kung hindi sila babalik kay Allah. O kapighatian sa mga kamay na iyon na nagmamalupit sa mga magulang kung hindi magsisisi ang mga ito kay Allah. O kapighatian sa mga dilang iyon na bastos sa mga magulang kung hindi hihingi ang mga ito ng tawad kay Allah.

Inalagaan siya ng ina niya sa kabila ng kahinaan. Pina-inom siya nito mula sa dugo nito. Pinakain siya nito mula sa laman at buto nito. Lumalakas siya samantalang nanghihina ito. Natutulog siya samantalang nagpupuyat ito. Nagdidilim ang mundo sa mukha nito kapag dinapuan siya

ng kasuklam-suklam. Ngumingiti ang buhay sa harap nito kapag ngumiti siya. Inaayawan nito ang mga masarap na kasiyahan alang-alang sa kaginhawahan niya. Inilalaan nito sa kanya ang pinakamasarap na pagkain at pinakakaigayang inumin. Inuuguy-ugoy siya nito noong bata pa siya. Nakikita nito sa kanya ang malaking pag-asa nito. At kapag sinapit niya ang kalakasan niya, lumakas ang bisig niya at tumatas ang dila niya ay pag-aasawahin siya nito ng babaing iniibig niya. Matutuwa ito sa pagkatuwa niya at liligaya nang higit sa kanya.

Subalit ako, marangal na mambabasa, ay ginulat ng tinig sa telepono na kumatok sa pandinig ko. Walang anu-ano ako ay nakaririnig ng isang paos na tinig na umiiyak na sinasabayan ng agahas⁶² ng dibdib na maysakit...mga himig ng pag-iyak na dumudurog sa mga puso...Iyon ay tinig ng isang may edad na ina na nagsasalaysay sa akin ng masakit na kuwento niya tungkol sa kalapastanganan sa kanya ng anak niya. Sinasabi niya:

“Pumanaw na ang ama niya dala ng atake sa puso. May isa pa akong anak na mga sampung taong gulang. Ako ay may ilang sakit na di-gumagaling. Siya naman ngayon ay nakatira sa ikalawang palapag kasama ng maybahay niya. Hinahamak niya ako sa tuwing bumababa siya at nadadaan niya ako. Pinagbubuntunan niya ako ng napakasagwang mga alipusta at mga insulto. Sa tuwing nakipagbangayan sa anak niya ang ulilang batang kapatid niya ay sinisimulan niyang banatan ang kapatid niya ng mga bug-

⁶² Pasipol na huni sanhi ng mahirap na paghinga; huni ng hikaing paghinga. Tagalog-English Dictionary, Leo James English.

bog na sukdulan sa kalupitan. Ako naman ay hindi makapagtanggol sa bata dahil sa tindi ng karamdaman ko at dahil na rin sa edad ko. Hindi pa siya nagkakasya sa ganito; hina-hawakan pa niya ang kapatid niya sa mga kamay nito upang makaya ito ng anak niya. Papagurin niya ito sa bugbog at tadyak hanggang sa lumamig ang ulo niya. Liwan niya ang kapatid niya na lumalasap mula sa kanya ng pait ng pagkalupig at pagkakait sa halip na simpatiya at damdaming makapatid. Minsan pa nga ay dumadaan siya sa akin na natikip ang mukha sa harap ko upang hindi niya ako makita at inis na inis siyang nagsasabi sa akin: ‘Hindi kita ina.’ Pasusundan pa niya iyan ng hindi masasabi ng isang may katiting na awa at habag sa puso. Siya ay gumagawa pa ng ganito...at talagang gumagawa pa ng ganoon...”

Hindi ko inaakala na makaririnig ako ng tulad ng mahapding salaysay na ito sa konserbatibong lipunan natin. Subalit ito ang kataliwasan at ang kamiserablehan lamang naman kaya sinimulan kong alukin siya na payuhan ko ito. Harinawa matauhan ito sa kahibangan nito.

“Huwag,” buong pangambang sinabi niya sa akin, “huwag mo siyang kausapin. Natatakot ako na baka saktan niya ako at baka saktan niya rin ang kapatid niya. Wala akong magagawa sa kanya, sa lakas niya at dahas niya.”

Humaba ang hinaing sa sarisaring kalupitan at kagarpalan. Hindi ko na natiis kaya nagsabi ako: “Kung ganoon, idulog natin siya sa hukuman.”

Ngunit tumaas ang tinig niya na nagsasabi: “Hukuman ba kamo! Irereklamo ko ang lugod ng mata ko! Irereklamo ko ang inalagaan ng mga kamay ko at pinainom sa dibdib

ko? Mahal ko siya. Siya ay anak ko, pintig ng puso ko. Gustuhin ko ba sa kanya ang kahihyan at iskandalo. Idudulong ko na lang siya sa Panginoong Napakamaawain na Pinakamawaain, na patnubayan ang puso niya at ituwid.”

At nalaman ko na iyon ay sugatang daing na ninais ihi-nga ng dibdib niya at pagaanin sa kanya ang bigat niyon...

Lá iláha illalláh... may ilang pusong madamayin ang ina...at maawaing dibdib?

Mga minamahal, may nalaman ako sa lagay ng lalaki matapos niyon. Siya ay namumuhay nang mag-isa na may *nervous tension*...magulo ang kalagayan. Hindi nakapagtataka...sapagkat lumihis siya sa landas ng kaiga-igayang hardin ng pagpapakabuting-loob at hinangad sa halip niyon ang ilang ng kasawian at disyerto ng pagkasuwail.

Kaya matuto tayo sa iba sapagkat tunay na ang maligaya ay ang natuto sa karanasan ng iba.

Ang Ikaanim na Hardin

Ang Hardin ng Pag-aaruga sa mga Anak

Tunay na ito ay hardin na ang daan tungo rito ay mahaba at mahirap, gayunpaman mayroon itong gayak at ganda. Tunay na ang layo nito ay talagang nakapapagod at nakapapata ngunit ang dadatnan doon ay kaaya-aya at maipagkakapuri. Ang mga anak ay mga luntiang maliit na puno kapag dinilig mo ng tubig ng kaasalan, mga bulaklak na maganda kapag inalagaan mo sa pag-aaruga, at mga tahananang nagniningning kapag tinanglawan mo ng liwanag ng pananampalataya. Kaya magtiis ka sa paraan ng pag-aaruga

sa kanila upang anihin mo mula sa kanila ang ikalulugod ng mata mo at ikagagalak ng isip mo.

Dahil sa pagtatagumpay ng isa sa kanila nang isang ulit ay magpapalimot sa iyo sa pagod mo nang maraming ulit. Dahil sa tagumpay nila sa isang taon ay magpapalimot sa iyo sa pagpupuyat mo sa kanila sa maraming taon. Huwag mong lingunin, pangalagaan ka ni Allah, sa kamiserablehan mo dahil sa kanila noong pagkabata nila sapagkat tunay na ito ay magbubunga ng kaligayahan sa paglaki nila. Subaybayan mo sila sa mga aralin nila, sa ikatutuwid nila at kalusugan nila. Maging kasama ka nila sa puso mo at katawan mo, at kung hindi mo makakaya ay sa puso mo at panalangin mo. Pakaalamin mo na sila ay ipinagkatiwala sa pangangalaga mo kaya huwag kang magpabaya sa kanila. ***Lahat kayo ay tagapangalaga at lahat kayo ay pananagutin sa alaga niya.***⁶³

Tunay na iyon ay mga taon ng pagdidilig at pangangalaga na magpapatubo para sa iyo ng buhay ng mga bulaklak at mga bunga, at mga taon na pagtitiisan mo upang makita mo ang karikitan nito na pupunuin nito para sa iyo ang mundo dahil sa pagdating nila sa iyo. Iyon ay kapag ang isa sa kanila ay naging isang magaling na inhinyero o isang bihasang manggagamot o isang mahusay na industriyalista o isang matagumpay na guro o isang napatnubayang mangangaral. At sa kabila niyon, silang lahat ay nagpupuspos sa iyo ng pagpapakabuting-loob nila. Liligaya ka dahil sa kabutihan nila at pagkamatuwid nila. Kaya may alin pang

⁶³ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

gayak para sa mundo pagkatapos ng gayak na ito? Tunay na ito ay resulta ng panalangin ng mga lingkod ng Panginoong Napakamaawain: **Ang mga nagsasabi: “Panginoon namin, magkaloob Ka sa amin mula sa mga asawa namin at mga supling namin ng lugod ng mga mata at gawin Mo kami na nangunguna sa mga nangingilag magkasala.”**⁶⁴

Pipitas ka mula sa hardin ng matuwid na pag-aaruga na ito hanggang sa pagkatapos ng kamatayan mo sa pamamagitan ng panalangin ng mga anak mo para sa iyo sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: ***Kapag namatay ang tao, napuputol ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa kawanggawang nagpapatuloy o kaalamang napakikinabangan o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya.***⁶⁵

Talagang matitikman mo nga ang bunga nito sa pamamagitan ng pag-angat sa antas mo sa Paraiso ayon sa kapa-hintulutan ng Panginoon mo sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay talagang mag-aangat ng antas para sa matuwid na lingkod sa Paraiso kaya magsasabi ito: O Panginoon ko, papaanong nagkaroon ako nito? At magsasabi Siya: Sa pamamagitan ng paghingi ng tawad ng anak mo para sa iyo.***⁶⁶

⁶⁴ Qur'an 25:74.

⁶⁵ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

⁶⁶ Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. Ang isnád nito ay hasan.

At kay ganda ng mga tahanan ng pag-aaruga at mga lilim nito kaya manatili ka rito sa pamamagitan ng paggawa upang pitasin mo ang napakagandang mga bunga.

Ang Ikapitong Hardin Ang Hardin ng Pamamagitan Para sa mga Muslim

Tunay na ito ay hardin na nagkulang tayo nang madalas sa paggawa rito gayong nagsabi nga sia Allah (4:85): **Ang sinumang mamagitan ng isang magandang pamamagitan ay magkakaroon siya ng isang bahagi sa gantimpala mula roon,**

Tunay na ito ay isang pangako mula kay Allah na magkakaroon ka mula sa magandang pamamagitan mo ng isang bahagi mula sa mabuti na iniresulta nito, karagdagan sa gantimpala sanhi ng pamamagitan mo. Tunay na ito ay mga garantiya ng Panginoon sa sinumang naglagay sa puso niya ng pagmamahal sa mga kapatid at nagsisimulang isalin ang pagmamahal na ito sa mabilis na pagsisikap sa paggamit ng anumang makakaya na impluwensiya o paglilinaw upang itugon sa kanila ang makakayang itugon. Talaga ngang nasasaad sa Hadíth na napagkaisahan ang katumpakan na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: **Ang mananampalataya para sa kapwa mananampalataya ay gaya ng gusali: pinatatag ng isang bahagi nito ang ibang bahagi.** Pagkatapos ay pinagsalit-salit niya ang mga daliri niya. Ang Propeta (SAS) ay nakaupo noong may dumating na isang lalaki na humihingi o isang humihiling ng isang pangangailangan.

Ibinaling niya sa amin ang mukha niya at nagsabi: ***Mamagitan kayo, gagantimpalaan kayo; at tugunin ni Allah sa pamamagitan ng dila ng Propeta Niya ang niloob Niya.***

Hindi pa ba nakasasapat, marangal na kapatid, na ikaw ay aalis dala ang gantimpala kahit pa man hindi dininig ang pamamagitan mo o hindi naisakatuparan ang ninais mo? Ang huwaran mo doon ay ang mahal na Propeta (SAS) sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) nga ay hindi nagtamo minsan ng bagay na ipinamagitan niya.

Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA): “Ang asawa ni Barírah ay isang alipin noon na tinatawag na Mughíth. Para bang ako ay nakatingin sa kanya na sumusunod sa likuran nito: sa likuran ng maybahay niya na si Barírah na pinalaya kaya naging isang malayang babae. Nanatili naman siya na isang alipin kaya nagpasya ito na iwan na siya. Hindi siya tumigil sa pag-iyak samantalang ang mga luha niya ay tumutulo sa balbas niya. Nagsabi ang Propeta (SAS) kay ‘Abbás (RA): ***O ‘Abbás, hindi ka ba humahanga sa pag-ibig ni Mughíth kay Barírah at sa pagkamuhi ni Barírah kay Mughíth?*** Nagsabi naman ang Propeta (SAS) kay Barírah: ***Kung balikan mo kaya siya?*** Nagsabi ito: O Sugo ni Allah, inuutusan mo po ba ako? Nagsabi siya: ***Ako ay namamagitan lamang naman.*** Nagsabi ito: Wala akong pangangailangan sa kanya.”⁶⁷

Subukan mo minsan at mamagitan ka para sa isang taong nangangailangan upang madama mo kung papaanong palalamigin ang dibdib mo ng ikaliligaya ng kapatid mo at

⁶⁷ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

upang pasayahin mo ang isip mo dahil sa panalangin niya para sa iyo. Tunay na ito ay isang kaligayahan sa isang saglit na mailuluwal mula rito ang ilang matagal na tuwa, at isang pagkakaloob sa isang sandali na mayayari mula rito ang isang maligayang buhay.

Ang Ikawalong Hardin

Ang Hardin ng Pagpapakasundo sa mga Tao

Ang mga sumasampalataya ay magkakapatid lamang, kaya pagkakasunduin ninyo ang mga kapatid ninyo. Mangilag kayong magkasala kay Allah nang harina-wa kayo ay kaawaan.⁶⁸

Kapatid na pinanagumpay, ang mga mabuting kaluluwa ay hindi nasanay sa hidwaan at hindi umuugma rito. Bagkus ay itinuturing nila ito na isang kapaligirang marumi, malayo sa kawagasan at umaayaw sa kabusilakan. Dahil doon, sila ay hindi sumisilong kundi sa anino ng kadalisayan, hindi napapalagay kundi sa simoy ng kapatiran, at hindi nahihinahon kundi sa gitna ng mga kaparangan ng pag-ibig at mga bulaklak ng pagmamahal. Dahil doon, tunay na ikaw ay makakikita ng isa sa kanila na hindi napapalagay kapag inunos ng mga unos ng pagkamuhi ang mga minamahal o hinipan sila ng hangin ng pagkasuklam. Makikita mo siya na gaya ng kalapati ng kapayapaan na hindi matahimik kung hindi matapos na mapanumbalik sa mga puso ang pagkakatugma ng mga ito at mapanumbalik sa mga

⁶⁸ Qur'an 49:10.

kaluluwa ang kawagasan ng mga ito. O kay lamig ng puso ng tagapagkasundo sa pagitan ng alitan at kay buti ng mahabaging isip niya.

Tunay na ang bunga ng hardin na ito ay kasiyahan mula kay Allah at dakilang gantimpala. **Walang mabuti sa madalas na lihim na pag-uusap nila, maliban sa sinumang nag-uutos ng pagkakawanggawa o gawang nakabubuti o pagpapakasundo sa mga tao. Ang sinumang gumagawa niyon sa paghahangad ng kasiyahan ni Allah ay bibigyan Namin siya ng dakilang kabayaran.**⁶⁹

Simulan mo ang pagpapakasundo mo sa pagitan ng dalawang kapatid mo sa pamamagitan ng panalangin na paluwagin ni Allah ang puso nilang dalawa alang-alang sa kabutihang ito sapagkat tunay na si Allah ay nagsabi (4:128): **ang pagkakasundo ay higit na mabuti.**

Paglapitin mo ang mga pananaw at pakauntiin mo ang usapin ng mga punto ng pagkakaiba. Pagmahalin mo sila. Sabihin mo sa bawat isa sa kanilang dalawa ang tungkol sa pagmamahal ng kapatid niya sa kanya, na ito ay hindi nagkikimkim sa puso nito ng pagkamuhi o ngitngit sa kanya, kahit iyon pa man ay sa pamamagitan ng pagsisinungaling sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: ***Hindi ang palasinungaling ang nagpapakasundo sa mga tao, at nagpapalago ng kabutihan o nagsasabi ng kabutihan.***⁷⁰

Ang pagpapakasundo mo sa mga kapatid mo ay isang kawanggawa kaya huwag mong kalimutan na asahan kay Allah ang gantimpala roon. Ito ang lihim ng pagkapatnubay,

⁶⁹ Qur'an 4:114.

⁷⁰ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

ang susi ng pagpapakasundo at ang landas ng pagtanggap sapagkat tunay na ang Proepta (SAS) ay nagsasabi: ***Bawat araw na sinisikatan ng araw, na nagpapakamakatarungan ka sa pagitan ng dalawa ay isang kawanggawa.***⁷¹

Ang Ikasiyam na Hardin

Ang Hardin ng Pag-aanyaya at Pagtuturo

Anong ganda nito, sumpa man kay Allah, na isang Hardin na sari-sari ang mga bunga, na kaakit-akit ang mga bulaklak. Hindi magsasawa ang dumadalaw rito at hindi matutuyuan ang bukal nito. Ang lilim nito ay walang hangganan. Ang mga tubigan nito ay hindi mabibigyan ng bilang. Ang mapalad ay ang nagpatrabaho rito ng puso niya, dila niya at isip niya, gaya ng bubuyog na hindi nakababatid ng kapaguran ni pagkasawa. Inililipat nito ang nektar at ginagawang pulut-pukyutan. Samakatuwid ang manggagawa rito ay binabayaran at ang mang-aani rito ay nakikinabang at nagagalak.

Maging tagapag-anyaya ka sa pamamagitan ng mabuting salita sapagkat ang mabuting salita ay kawanggawa. Maging tagapag-anyaya ka sa pamamagitan ng ngiti mo sapagkat ang ngiti mo sa harap ng mukha ng kapatid mo ay kawanggawa. Maging tagapag-anyaya ka sa pamamagitan ng mabuting kaasalan mo sapagkat tunay na ikaw ay hindi makakaya sa mga tao sa pamamagitan ng mga yaman mo ngunit makakaya mo sila sa pamamagitan ng mabuting kaasalan mo.

⁷¹ Muttafaq ‘Alayhi.

Magparating ka tungkol sa Sugo ni Allah (SAS) kahit pa man isang talata, kapatid. Paibigin mo ang mga iniibig mo sa isang Sunnah⁷² mula sa mga Sunnah ng Propeta (SAS). Gayakan mo sa puso nila ang pagtalima sa Panginoon nila. Mag-anyaya ka sa kanila sa pamamagitan ng karunungan at magaling na pangangaral at layuan mo ang kabagsikan at ang kagaspangan. Kaya dahil sa awa mula kay Allah, nagbanayad ka sa kanila. **Kung ikaw ay naging isang magaspang na mabagsik ang puso, talagang nagsilayuan na sana sila mula sa paligid mo. Kaya magpaumanhin ka sa kanila, humingi ka ng kapatawaran para sa kanila at sanguniin mo sila sa usapin. Kaya kapag nagpasya ka ay manalig ka kay Allah; tunay na si Allah ay umiibig sa mga nananalig.**⁷³

Umaasa ka ng gantimpala kay Allah sa pagpapaumanhin mo sa sinumang nagkamali sa iyo dahil sa pag-aanyaya sa kanya sa mabuti. Sadyain mo sa pagtulong mo sa suwail na kapatid mo na mapatnubayan siya sa kamay mo. Pagliwanagin mo ang mga mata mo sa pamamagitan ng liwanag ng pagkahabag sa lahat ng lumalayo sa daan ng patnubay

⁷² Ang Sunnah, na may malaking titik na S, ay ang “kalakaran” o “pamamaraan” ni Propeta Muhammad (SAS). Tumutukoy ito sa kung ano ang **sinabi**, ang **ginawa** at ang **sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng Hadith o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman, na may maliit na titik na s, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

⁷³ Qur'an 3:159.

nang sa gayon ay magningning ang liwanag na iyon sa sino mang naiibigan mong mapatnubayan.

Maging tagapag-anyaya, minamahal, sa pamamagitan ng isang *cassette tape* na ireregalo mo sa kapitbahay mo, ng isang aklat na ipadadala mo sa kaibigan mo, at ng isang tapat na panalangin para sa kapatid mo sa Islam na pagpalain siya ni Allah sa pamamagitan ng pagkapatnubay.

Maging tagapag-anyaya ka sa pamamagitan ng lahat ng kakayahan mo at kaisipan mo. Maging pinagpala ka sa bawat lupang bababaan mo. Huwag mong gunigunihin sa sarili mo ang mga balakid at huwag mong palakihin ang mga gawain. Simulan mo ang pag-anyaya mo sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga alagad ng kaalaman, pag-aanyaya sa Islam at kabatiran. Ang pag-aanyaya mo ay maging ayon sa liwanag at pagkatalos. **Mag-anyaya ka tungo sa landas ng Panginoon mo sa pamamagitan ng karunungan at magaling⁷⁴ na pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa paraang siyang pinakamagaling. Tunay na ang Panginoon mo ay higit na nakaaalam sa sinumang naligaw sa landas Niya, at Siya ay higit na nakaaalam sa mga napatnubayan.⁷⁵**

Wala kang tungkulin kundi ang malinaw na pagpaparating—**Wala kaming tungkulin kundi ang malinaw na pagpaparating⁷⁶**—at si Allah ay magsasagawa sa pagpatnubay sa mga puso at sa pabubukas sa mga kandado ng mga ito sa kaninumang loloobin Niya sa mga lingkod

⁷⁴ O maganda.

⁷⁵ Qur'an 16:125.

⁷⁶ Qur'an 36:17.

Niya. Iyon ay patnubay ni Allah; pinapatnubayan Niya sa pamamagitan niyon ang sinumang nilolob Niya. Ang sinumang pinaligaw ni Allah ay hindi siya magkakaroon ng anumang tagapatnubay.⁷⁷ Lumigaya ka kapag nakikita mo na ang pag-aanyaya mo ay dumating na ang resulta nito at nahinog na ang mga bunga nito. Gawin mo ang bawat tagumpay na umabot dito bilang isang daan sa iba pang pananagumpay na naghihintay sa iyo at nag-aabang sa mga hakbang mo.

Gaano lumigaya ang Propeta (SAS) sa pagkapatnubay ng mga kababayan niya. Hindi lamang iyon...bagkus lumigaya ang Propeta (SAS) sa pagkapatnubay ng isang batang lalaking Hudyo na maysakit. Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: “May isang batang lalaking Hudyo noon na naninilbihan sa Propeta (SAS). Nagkasakit ito kaya pinuntahan ito ng Propeta (SAS) upang dalawin ito. Naupo siya sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito: *Yumakap ka sa Islam*, at tumingin ito sa ama nito samantalang iyon ay nasa tabi niya. Nagsabi iyon dito: Tumalima ka kay Abulqásim. Kaya yumakap ito sa Islam. Lumabas ang Propeta (SAS) habang siya ay nagsasabi: *Ang papuri ay ukol kay Allah na sumagip sa kanya mula sa Apoy.*”⁷⁸

Pakinggan mo ang mga tumatanglaw na pananalita ng Propeta (SAS) habang ito ay namumutawi sa pinakamarangal na tagapag-anyaya tungo kay Allah, na itinutuon sa isa sa mga wagas na tagapag-anyaya Niya. Ito ay ang sabi ng Propeta (SAS) kay ‘Alí ibnu Abí Tálib (RA) noong

⁷⁷ Qur'an 39:23.

⁷⁸ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.

isang araw sa Khaybar: *Anyayahan mo sila sa Islam at ipabatid mo sa kanila ang isinasatungkulin sa kanila sa-pagkat sumpa man kay Allah na talagang kapag napat-nubayan dahil sa iyo ang iisang lalaki ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa pulang⁷⁹ mga kamelyo.⁸⁰*

Huwag mong tuusin para sa sarili mo kung ilan ang kabayaran na ipakakamit sa iyo sa pamamagitan ng pag-aanyaya tungo roon o ng pagtuturo ng anuman mula sa isinabatas Niya. Lahat ng nagsagawa ng ayon sa paanyaya mo o nagpatupad ng anuman sa kaalaman mo ay magkakaroon ka ng katulad na kabayaran doon nang walang nababawas na anuman sa mga kabayaran nila. Si Allah ay may dakilang kabutihang-loob.

Magsimula ka sa sarili mo. Pagkatapos ay sa asawa mo at mga supling mo. Pagkatapos ay sa kamag-anak magmula sa pinakamalapit. Harinawa si Allah, kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya, ay magpala sa pagpupun-yagi mo at tanggapin mula sa iyo ang nakabubuting gawa mo. Tunay na Siya ay Mapagkaloob, Mapagbigay.

Makinig ka sa isa sa mga nasaksihang pangyayari ng gawaing nakabubuti sa pag-aanyaya tungo kay Allah. Isinasalaysay sa atin ng may kinalaman ang tungkol sa sarili niya. Siya ay ang Italyanong si Alberto O. Pacini. Sinabi niya:

“Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpatnubay sa akin tungo sa totoong Relihiyon noong ako ay isang pusakal na ateista na sumasamba sa sarili at mga hilig ng laman. Na-

⁷⁹ Ang pulang kamelyo ay itinuturing nilang mamahaling pag-aari.

⁸⁰ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

naig ang materyal sa buhay ko. Kinasuklaman ko ang lahat ng makalangit na relihiyon, sa pangunguna ng Islam na kumakatawan ayon sa minanang kapaniwalaan namin sa pinakamasamang anyo ng isang relihiyon sa kasaysayan. Ang mga Muslim sa mga umiiral na paglalarawang pangkaisipan namin ay sumasamba sa mga imahen, tumatangging makipamuhay sa kasalukuyan, bumabaling sa mga kababalaghan sa paghahanap ng kalutasan sa mga suliranin nila. Mga madugong maniniil, mga palaaway na tumatanggi sa mapayapang pakikipamuhay sa mga iba.”

“Lumaki ako sa gitna ng kalagayang ito na inihanda laban sa Islam subalit si Allah ay nagtakda para sa akin ng pagkapatnubay sa kamay ng isang kabataang Muslim na nandayuhan sa Italya para kumita ng ikabubuhay niya. Nakilala ko siya nang wala sa pagnanais noong isa sa mga gabi na ako ay nagpupuyat sa isa sa mga *bar* hanggang sa mga unang oras ng madaling-araw. Umuwi ako mula sa *pub* at ako ay ganap na walang muwang dahil sa epekto ng alak. Naglalakad ako sa kalye at wala akong nalalamang anuman. Nabangga ako ng isang mabilis na kotse kaya bumagsak ako sa lupa na naliligo sa dugo ko. Ang nakagugulat ay na ang kabataang Muslim na ito ay siyang nagsagawa ng pagsaklolo sa akin at pagpaparating sa pulisya tungkol sa kotse.”

“Isinagawa niya ang pag-aalaga sa akin hanggang sa gumaling ako. Hindi ako makapaniwala na ang gumawa niyon sa akin ay isang Muslim. Nilapitan ko siya at hiniiling ko sa kanya na ipaliwanag niya sa akin ang mga simulain ng relihiyon niya, ang ipinag-uutos nito, ang ipinagba-

bawal nito at ang paninindigan ng Islam sa ibang mga relihiyon. Napag-alaman ko ang Islam at ipinamuhay ko ito sa pamamagitan ng mga gawi ng kabataang ito. Natiyak ko sa wakas na ako noon ay nagpapagala-gala sa daan ko sa pagkaligaw, at na ang Islam ay ang relihiyon ng katothanan. Nagtotoo si Allah, ang Dakila, yamang sinasabi Niya: **Ang sinumang maghangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap mula sa kanya,**⁸¹ kaya naman yumakap ako sa Islam.”

Maging manggagawa ayon sa kaalaman, ayon sa makakaya, upang patnubayan dahil sa iyo taong tumutulad sa iyo masigasig sa pagpapakinabang sa tao at pagpatnubay kakamtin mo bawat mabuti sa lugod na mamamalagi.

Ang Ikasampung Hardin

Ang Hardin ng Pagpapakain sa mga Nag-aayuno

Isang pinag-ibayong ani para sa sinumang lumahok doon sa pamamagitan ng wagas na paglahok niya alang-alang sa ikasisiya ng Mukha ng Panginoon niya. Para bang ikaw ay nag-aayuno sa isang araw nang dalawang ulit. Sa pamamagitan ng kaunting mabuting baon, sisilong ka sa lilim ng mayabong na hardin na ito. Nagsasabi ang Propeta (SAS): **Ang sinumang magpakain sa isang nag-aayuno ay magkakaroon siya ng tulad sa kabayaran rito, gayunpaman**

⁸¹ Qur'an 3:85.

*walang anumang nababawas sa kabayaran ng nag-aayuno.*⁸²

Sa ngayon dahil sa kabutihang-loob ni Allah ay nagsasagawa ang mga institusyon ng kawanggawa sa bawat pook ng mundo ng pagpapadali sa pagsamba na ito yamang, ituturo ng mga ito sa iyo ang pakikibahagi sa madaling mga paraan at mga kaparaanan at sa kaunting salapi. Iyan ay walang iba kundi isang awa mula kay Allah sa mga nangailangan at pagpaparami para sa gantimpala sa mga nagmamagandang-loob.

Marahil ikaw ay nakasaksi minsan sa mga mata mo mismo ng isang tanawin ng pagpapakain na ito sa pagtatapos ng pag-aayuno kung saan nakalatag ang hapag ng biyaya at kaalwagan sa mga bulwagan ng mga bahay ni Allah habang nakapaligid sa mga tabi nito ang mga maralita na kabilang sa mga banyagang Muslim at iba pa sa sandali ng pagmamahalan, pag-ibig at tuwa. Napupuno ang damdamin mo ng pananampalataya kapag nakikita mo ang mga mayaman at ang nakaririwasa na nagsasagawa ng pagsisilbi sa mga dayuhan at mga dukha. Dinudulutan nila ang mga ito ng malamig na tubig, mga mainit na maisusubo at sari-saring minatamis, na nadaragdagan ang mga tamis dahil sa mga ngiti nila na puno ng kapatiran at pagdamay. Aling kapaligirang pampananampalataya itong nagpapatindig sa iyo upang ipagkakapuri ang relihiyon mo na gumagawa sa mayaman na magsikap sa pagguhit ng ngiti sa maralita, bagkus hanapin iyon at bigyan iyon hanggang sa masiyahan?

⁸² Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí at sinabi niya na isang Hadíth na hasan at sahíh.

Hindi ko malilimutan, sumpa man kay Allah, ang tana-wing pangkapatirang iyon noong nakita ko ng mga mata ko ang isa sa mga amo na naglalagay ng pagkain sa kamay niya at ilalagay ito sa bibig ng isa sa mga manggagawa niya. Dinaig ang manggagawa ng hiya kaya tumayo at iniwan ang kinaroroonan at mabilis na naglakad. Sinundan naman ito ng amo nito na tumatakbo sa likuran niya hanggang sa mailagay niya ang pagkain sa bibig nito. Tunay na ito ay hindi makabagong larawan, bagkus ay isang pagpapatupad sa sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag pumunta sa isa sa inyo ang tagapagsilbi niya dala ang pagkain niya, kung hindi niya ito pinaupo kasama niya ay abutan niya ito ng isang subuan o dalawang subuan o isang kainan o dalawang kainan sapagkat tunay na ito ay nagsagawa ng pag-aasi-kaso sa kanya.***⁸³

Ang Ikalabing-isang Hardin Ang Hardin ng Pagpapaginhawa sa mga Nahihirapan

Marangal na kapatid, kapag pinagkalooban ka ni Allah at iniabot mo ang kamay ng pagpapaginhawa sa kapatid mo alang-alang sa perang kakailanganin niya ay huwag bulabugin ang pinagpalang bigay mo sa pamamagitan ng panggigipit sa kanya sa pagsauli sa pera mo. Bagkus ay magpaginhawa ka sa kanya at luwagan mo ang taning niya. Huwag mong pasundan ang kaalwanaan mo ng panunumbat

⁸³ Isinalaysay ito ni Imaám al-Bukhárí.

at madalas na pagmamadali sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: *Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nahihirapan ay magpapaginhawa si Allah sa kanya sa Mundo at sa Kabilang-buhay.*⁸⁴

Upang magayakan mo ang hardin ng pagmamagandang-loob mo na ito sa pamamagitan ng paglalagay ng isang bahagi mula sa pera mo ay ibawas mo ito sa pagsingil sa nahihirapan na ito. Kaya naman ikaw sa pamamagitan niyon ay nakapagbiyaya: pinarami mo ang pagbibiyaya sa sarili mo, una, sa pamamagitan ng pagkamit ng gantimpala, pagkatapos ay sa pamamagitan ng pagpapagaan sa pautang. Tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: *Ang sinumang ikinagalak niya na iligtas ni Allah mula sa mga dalamhati sa Araw ng Pagbangon ay magpaginhawa siya sa isang nahihirapan o mag-alis siya [ng dalamhati] rito.*⁸⁵

Kay rami ng paghahanap natin sa kaligayahan sa mundo, gayunpaman tayo ay maaaring magkamali sa daan niyon o ipagpalagay ang hindi pagkakaroon nito sa katulad na mga makapanginoon na landas na ito. Kaya punuin natin ang mga puso natin ng katiyakan sa mga pangako ni Allah sa atin sa Aklat Niya at sa sinabi ng Sugo Niya (SAS) upang lumigaya tayo nang totoo sa Mundo at Kabilang-buhay.

⁸⁴ Muttafaq 'Alayhi.

⁸⁵ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

Ang Ikalabindalawang Hardin **Ang Hardin ng Pagtustos sa Nakikibaka o** **ang Paghalili sa Kanya sa Mag-anak Niya**

Nagsabi ang Propeta (SAS): *Ang sinumang nagtustos sa isang nakikibaka sa landas ni Allah ay nakibaka nga rin. Ang sinumang humalili nang mabuti sa isang nakikibaka sa landas ni Allah ay nakibaka nga rin.*⁸⁶

Tunay na ikaw ay magkakamit sa pamamagitan ng nakabubuting gawa na ito ng gantimpala ng nakikibaka samantalang ikaw ay nasa mag-anak mo at mga kamag-anak mo. Gampanan mo lamang sa mag-anak ng nakikibaka na ito sa landas ni Allah ang pagkaama ng ama nila at ang simpatiya sa kanila at tugunin mo ang pangangailangan nila.

Ang Ikalabingtatlong Hardin **Ang Hardin ng Pag-aalis ng** **Nakikipansalang Bagay sa Daan**

Nagsasabi ang Propeta (SAS): *Ang pag-alis mo ng nakakapinsalang bagay sa daan ay isang kawanggawa.*⁸⁷

Tunay na ang gawaing ito sa simula ay hindi nakatuon sa mga tagapaglinis—tulungan sila ni Allah. Ito ay kabilang sa mga gawain natin lamang. Nangailangan lamang tayo sa kanila dahil sa pagkukulang natin sa nakabubuting gawain na ito na bagamat hinamak ng ilan sa mga tao ang

⁸⁶ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.

⁸⁷ Muttafaq ‘Alayhi.

paggawa nito at kinukutya nila ang pagsasagawa nito gayunpaman mayroon itong dakilang kalagayan sa ganang kay Allah at mamahaling gantimpala. Pakinggan mo ang Hadith na ito na sinasabi ng Propeta (SAS): *May naparaang lalaki sa isang sanga ng punong-kahoy [na nakakalat] sa isang daan kaya nagsabi ito: Sumpa man kay Allah, talagang ilalayo ko nga ito sa mga Muslim; hindi na nito sila mapipinsala at papapasukin ako sa Paraiso.*⁸⁸

Isang sanga ng puno na aalisin mo sa daan, ang ganti sa iyo rito ay Paraiso na ang luwag nito ay ang pagitan ng mga langit at lupa. Tunay na ang mga ito ay mga hardin ng gawaing nakabubuti at Siya naman ay Panginoon na Mapagbigay, Mahabagin.

Ang Ikalabing-apat na Hardin Ang Hardin ng Mabuting Salita

Mahal na kapatid, kapag hindi mo makayang mag-abot ng kamay na may maalawang mga paggugol at minabigat mo na magkaloob ng oras mo o impluwensiya mo o lakas mo sa pagtulong sa mga Muslim o hindi mo makaya iyon sa ano't ano man, hindi napakakaunti na ipagkaloob mo sa kapatid mo ang mabuting salita. Tunay na ito ay talagang dakila. Pasisiyahin mo sa pamamagitan nito ang Panginoon mo, bibigyang-tuwa mo sa pamamagitan nito ang kapatid mo at magkakamit ka dahil doon ng masaganang kaba-

⁸⁸ Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

yan sapagkat tunay na ang Propeta (SAS) ay nagsasabi:
*Ang salitang mabuti ay kawanggawa.*⁸⁹

Ang Ikalabinglimang Hardin Ang Hardin ng Pagpipigil ng Pamiminsala sa mga Tao

Marami ang mga hardin ng nakabubuting gawa. Ang kabutihang-loob ni Allah sa loob ng mga ito ay marami. Ang mga landas ng kabutihan sa mga ito ay sari-sari. Kaya naman hindi ang pagkakataon ang makasasapat at hindi ang panahon ang makatutugon.

Gayunpaman, ito ay pahiwatig lamang yamang nasa Aklat ni Allah at sa Sunnah ng mahal na Propeta (SAS) ang makalulunas. Gayunpaman, may mga kaluluwa na nagkakait sa mga sarili, nagmamaramot [ng mga gawang matuwid] sa mga pahina [ng mga talaan ng mga gawa] nila at pinipigilan sa mga kapatid pati na ang mabuting salita na walang kikilos dito sa mga katawan nila kundi ang dila. Sila ay hindi nag-uukol sa paggawa ng mabuti at sila ay hindi nagsasalita ng mabuting salita. Kaya wala nang natira kundi na sabihin natin sa kanila: “Gumawa kayo sa sarili ninyo ng gawang nakabubuti at magpigil kayo sa pamiminsala ninyo sa mga tao, kaya naman huwag ninyo silang pinsalain sa gawa at sa salita.”

Tunay na si Abú Dharr (RA) ay nagsabi: “Tinanong ko ang Propeta kung aling gawain ang pinakamainam. Sinabi

⁸⁹ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

niya: *Pananampalataya kay Allah at pakikibaka sa landas Niya.* Sinabi ko pa: *Aling pagpapalaya ng alipin ang pinakamainam.* Nagsabi siya: *Ang pinakamataas sa mga ito sa halaga at ang pinakamahal sa mga ito sa ganang mayari nito.* Sinabi ko: At kung hindi ko ginawa? Nagsabi siya: *Tutulong ka sa isang mahirap o gumawa ka para sa walang kahusayang gumawa.* Sinabi ko: At kung hindi ko ginawa? Nagsabi siya: *Iiiwas mo ang mga tao sa masama sapagkat tunay na ito ay isang kawanggawa na ipang-kakawanggawa mo sa sarili mo.*⁹⁰

Limang Tagubilin sa Daan mo Patungo sa Hardin ng Nakabubuti

Tunay na ang mga ito ay maikling tagubilin na magligtas sa sarili mo at nakabubuting gawa mo laban sa pagkasayang, ayon sa kapahintulutan ni Allah.

1. Layunin mo sa gawain ang ikasisiya ng Mukha ni Allah at sundin mo kaugnay rito ang patnubay ng Propeta (SAS) sapagkat hindi magiging matuwid ang gawain kung hindi sa pamamagitan ng dalawang kondisyon na ito. **Kaya ang sinumang umaasa sa pakikipagtagpo sa Panginoon niya ay gumawa siya ng matuwid na gawa at huwag siyang magtambal sa pagsamba sa Panginoon Niya ng isa man.**⁹¹

⁹⁰ Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

⁹¹ Qur'an 18:110.

2. Huwag kang magpahuli sa pagtugon sa panawagan ng nakabubuting gawain. Bagkus ay magmadali ka roon nang may saloobing mabuti, nasisiyahan at maligaya sapagkat tunay na iyan ay bahagi ng pangingilag sa pagkakasala yamang tunay na si Allah ay nagsasabi (3:133): **Magmadali kayo tungo sa kapatawaran mula sa Panginoon ninyo at sa Paraiso na ang kasingluwang nito ay ang mga langit at ang lupa, na inihanda sa mga nangingilag magkasala,**

Makinig ka sa isang anekdota mula sa mga anekdota ng gawaing nakabubuti: Si ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) ay nagdarasal noon ng *nafl*⁹² samantalang ang alipin niya na si Náfi‘ ay nakaupo sa malapit sa kanya, na naghihintay mula sa kanya ng alinmang bagay na kakailanganin niya upang gampanan nito. Hindi nalilingid noon na si Náfi‘ ay kabilang sa mga malaking maalam at na siya ay kabilang sa mga mananalaysay sa aklat na *Muwatta’* ni Imám Málik, kaawaan iyon ni Allah. Minahal ito ni ‘Abdulláh ibnu ‘Umar ng matinding pagmamahal dahil sa nasumpungan dito na mga mataas na katangian.

Sa gitna ng pagbigkas ni ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) sa *saláh* niya ay umabot siya sa sabi ni Allah na: **Hindi ninyo matatamo ang pagpapakabuting-loob malibang gugugol kayo mula sa naiibigan ninyo. Ang anumang bagay na ginugol ninyo ay tunay na si Allah rito ay Nakaaalam.**⁹³ Kaya nagpahiwatig si ‘Abdulláh ibnu ‘Umar sa pamamagitan ng kamay niya ngunit hindi nau-

⁹² Isinasagawa nang kusang-loob.

⁹³ Qur’an 3:92.

nawaan ni Náfi' ang ipinahihiwatig niya sa kabila ng matinding paghahangad ni Náfi' na ipatupad iyon. Kaya nanatili ito na naghihintay sa pagsasabi niya ng *salám* upang tanungin siya kung tungkol sa ano ang ipinahihiwatig niya. At nagsabi si 'Abdulláh (RA): "Napagmasdan ko ang minamay-ari ko at wala akong nasumpungan na pinakamahal para sa akin kaysa sa iyo. Kaya ninais ko na ipahiwatig sa iyo ang paglaya mo samantalang ako ay nasa gitna ng *saláh*, sa pangamba na mapanaigan ako ng sarili ko at umiwas doon pagkatapos ng *saláh* kaya dahil doon ay nagpahiwatig ako." Kaya nagdali-dali si Náfi', kaawaan ito ni Allah, at nagsabi: "Kung gayon magkasama⁹⁴ na tayo?" At nagsabi si 'Abdulláh ibnu 'Umar: "Nasa sa iyo iyan."

3. Kapag pinagtagumpay ka ni Allah sa paggawa ng nakabubuti ay husayan mo ito at pagpunyagian sapagkat tunay na si Allah ay nagsasabi (10:26): **Ukol sa mga nagpakahusay sa gawa ang pinakamahusay at isang karagdagan. Hindi tatakpan ang mga mukha nila ng mga alikabok ni ng isang kaabahan. Ang mga iyon ay mga maninirahan sa Paraiso. Sila ay sa loob nito magsisipanatili.**

Magsigasig sa kabutihan habang nagpupunyagi,
tunay na iyan ay pinakaaasam ng bawat naghihintay

Ilagay mo ang sarili mo sa kalagayan ng kapatid mo na nangailangan sa iyo at tandaan mo ang sabi ng Propeta (SAS): *Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo mali-*

⁹⁴ Ang ibig niyang sabihin ay magkasama na sila at hindi na mag-amo.

*bang iibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya.*⁹⁵

4. Huwag mong paalalahanan ang sarili ng nakabubuting ginawa mo at huwag mong isumbat ito sa pinagkaloob mo nito. Huwag mong ipagsabi ito sa isa man sa mga tao maliban kung nakakita ka ng kabutihan sa pagsasabi niyon sapagkat tunay na si Allah ay nagsasabi (2:264): **O mga sumampalataya, huwag ninyong ipawalang-saysay ang mga kawanggawa ninyo sa pamamagitan ng panunumbat at pananakit ng damdamin.** Pakaalamin mo nang tiyak na ang nakabubuting gawa mo ay iniilagay na sa timbangan mo sa piling ni Allah, ang Mapagbigay, kahit pa man ikaila iyon ng tumanggap nito.

Hindi masasayang, kahit pa tumagal ang panahon, isang kabutihan ng nakatatalos na babae o lalaki Kung hindi makasumpong para roon ng tagagawa ay maging tagagawa at yumari niyon na di nagkukulang Sumaklolo ayon sa kakayahan sa nababagabag saanman dumating ito

dala ang pagkalumbay at si Allah ay nagsasaalang-alang sa lagay ng nalulumbay

5. Pabuyaan mo ang sinumang gumawa sa iyo ng isang gawang nakabubuti, kahit man lamang sa pamamagitan ng isang mabuting salita sapagkat tunay na iyon ay makatutulong sa iyo, pagkatapos ni Allah, sa paggawa ng nakabubuti yamang si Allah ay nagsasabi (2:237): **Hu-**

⁹⁵ Muttafaq 'Alayhi.

wag ninyong kalimutan ang kabutihang-loob sa pagitan ninyo.

Pabuyaang mo nga ang mga may gawang nakabubuti sa ginawa nila

Tunay na ang mga gawain sa pamamagitan ng mga malaya ay gaya ng ulan

at huwag kang maging lupang maasin na hindi nakikinabang sa umuulan dito

maging gaya ka ng hardin na naghatid ng mga bulaklak at mga bunga

Tandaan mo ang isang mabuting gawa sa malaya na nagkamit buhat sa iyo ng kasapatan

samantalang natanggap mo iyon na nakasuot ng kasuotang naghihirap

Pagwawakas

Ito ay ilan sa mga hardin ng nakabubuti. Ito ay isang bahagi mula sa mga talampas nito na pinadali ang mga daan, na pinagbubuksan ang mga pinto, na kaaya-aya ang mga bunga, na masagana ang mga gantimpala at epekto. Kaya, o Allah, ukol sa iyo ang papuri dahil sa pagbibigay Mo at maalwan ang kabutihang-loob mo.

O Allah, tunay na kami ay humihingi sa iyo ng pananagumpay tungo sa naiibigan Mo at kinasisiyahan Mo. Hinihingi namin sa Iyo na ipagkaloob Mo sa amin ang Paraiso at ipagsanggalang Mo kami sa Apoy.

O Allah, iadya Mo ang mga kapatid namin na nakikibaka sa landas Mo.

O Allah ipatama Mo ang layon nila. Pagpalain mo sila sa mga kaparaanan nila. Pag-ibayuhin Mo ang lakas nila. Pagalingin Mo ang maysakit sa kanila. Tanggapin Mo ang martir sa kanila. Sa mga mahina sa kanila ay maging ma-buti Kang tapag-adya.

O Allah, palayain Mo ang al-Masjid al-Aqsá mula sa mga kuko ng mga Hudiyong mang-aagaw.

O Allah, ipakita Mo sa amin ang isang itim na araw sa mga Hudyo at mga katulong nila. Gutay-gutayin Mo ang mga hanay nila. Pagsalungatin Mo ang saloobin nila. Gawin Mo silang samsam para sa Islam at mga Muslim.

O Allah, biyayaan Mo ng seguridad, katatagan, pagkamatuwid at katiwasayan ang bayan namin lalo na at ang bayan ng mga Muslim sa pangkalahatan.

O Allah, pagpalain Mo kami sa ipinagkaloob Mo sa amin na mga asawa, mga supling at mga ari-arian. Gawin Mo iyon na lugod ng mata para sa amin sa Mundo at sa Kabilang-buhay. Patawarin Mo, o Allah, kami, ang mga magulang namin at ang lahat ng Muslim. Tunay na Ikaw ay Dumidinig, Tumutugon.

Pagpalain ni Allah at batiin ang Propeta natin na si Muhammad, ang mag-anak niya at ang lahat ng Kasamahan niya.

Isinulat ito ng isang nangangailangan sa paumanhin ng Panginoon niya, na si Faysal ibnu Sa'úd al-Hulaybí. Isinatatitik noong araw ng Sabado, ika-29 ng Jumádal'ákhirah 1423 AH o ika-7 ng Septiyembre 2002. Para sa makabuluhang puna, makipag-ugnayan sa cellphone no: 0504930209, email: bomazen@maktoob.com at Fax number: 5812914.